

Balitang Bayan

Ang Bayan

Hunyo 2022

Nilalaman

Mga katotohanan ng martial law, hindi “up for debate”.....	4
Pahirap na mga buwis, nakaambang ipataw ni Marcos Jr. sa mamamayan.....	5
Mahal na gasolina at kawalang suporta ng estado, nagpabagsak sa huli ng mga mangingisda.....	7
Mga estudyante sa US, nagwalk-out para ipanawagan ang gun control.....	9
CPP calls out Twitter over censorship of its accounts.....	10
Imbestigasyon sa interbyu ng SMNI kay Palparan, itinutulak.....	12
Samahan ng mamamahayag sa Asia-Pacific, itinatag.....	14
Supertubo ng mga monopolyo ng langis, lumaki nang 300% dulot ng gera sa Ukraine.....	15
Ika-9 na Kongreso ng grupong Freedom Road Socialist Organization, inilunsad.....	17
Trahedyang Marcopper, pamana ng diktadurang Marcos Sr.....	19

Araw ng Kalayaan, maagang ginunita sa New York.....	22
Protesta sa panahon ng ECQ, makatwiran.....	23
Bungkalan sa Tarlac, marahas na binuwag; 92 inisyal na inaresto.....	25
Kontra-atake laban sa 34th IB, inilunsad ng BHB sa Lanao del Sur.....	27
Presyo ng mga bilihin at yutilidad, tumaas dulot ng abot-langit na presyo ng langis.....	28
1.3 milyong manggagawa, nawalan ng trabaho noong Abril.....	30
Di kailangan ng permit para magprotesta laban sa di lehitimong rehimeng Marcos II.....	31
Mano-manong pagbibilang ng mga boto sa eleksiyong 2022, itinutulak.....	33
Peligro sa pagawaan ng Universal Robina, inilantad.....	35
Pagpapabango sa mga simbolo ng diktadura.....	37
Sibilyan, dinakip ng AFP sa militarisadong Ifugao.....	39
Bakit hindi terorista si Louie Jalandoni at ibang nasa listahan ng ATC?.....	41
Pambansang welga sa Ecuador, nasa ika-3 araw na.....	43
Kasong “child abuse” laban sa mga kumupkop sa mga Lumad sa UCCP Haran, ibinasura.....	44
Dirty war, military corruption to worsen under new defense chief, says CPP.....	45

Failure of war vs. NPA to continue under new defense chief—CPP.....	47
Katutubong Dulangan, pinatay ng mga sundalo sa Sultan Kudarat.....	48
Tagapagtanggol ng kalikasan, inaresto sa Laguna.....	49
Sara Duterte, a wannabee dictator in waiting—CPP.....	50
Anti-neoliberal na presidente, nahalal sa Colombia.....	52
Sapilitang paglilipat sa tagapagtatag ng WikiLeaks tungo sa US, inaprubahan ng UK.....	53
Sapilitang pagrerekrut ng kabataan sa militar, kinundena ng mga komunista sa India.....	55
Mga botante ng Makabayan, tinatarget ng PNP.....	56
3 taktikal na opensiba, inilunsad ng BHB-Sultan Kudarat sa loob ng 5 araw.....	58
Alyansa laban sa mga imperyalistang gera, nanawagan ng mga pagkilos laban sa NATO.....	59
Pagharang sa mga rebolusyonaryo at progresibong website, malawakang kinundena.....	60
Pagrepaso sa programang K to 12, muling ipinanawagan ng mga guro.....	63
Sistema ng tren sa Britain, pinaralisa ng welga.....	64
A week before Duterte term ends, NPA mounts offensives in Sultan Kudarat.....	66
Isang Madugong Linggo ng Hunyo sa Daet.....	68

Muling pag-aresto kay Doc Naty, ipinag-utos ng lokal na korte.....	72
Pag-upo ni Marcos Jr bilang kalihim sa agrikultura, insulto sa magsasaka.....	73
Pagpapatuloy ng imbestigasyon ng ICC, napapanahon at kinakailangan.....	75
Pagtugis ng militar sa mga lider-masa sa Aklan, kinundena.....	76
Ang mga Bulaklak ng Inang Bayan.....	78
Ang Masaker sa Guinayangan, Quezon.....	83
BHB-Northern Negros, pinabulaanan ang engkwentro sa Calatrava.....	85
Pagsikil sa karapatan sa aborsyon sa US, sinalubong ng malawak na protesta.....	86
LGBTQ+ laban sa rehimeng Duterte at Marcos II.....	93

Mga katotohanan ng martial law, hindi “up for debate”

Hunyo 1, 2022

Binweltahan ng kinatawan ng ACT Teachers sa kongreso ang pahayag kahapon, Mayo 31, ni Trixie Cruz-Angeles na dapat “isalang sa debate” ang mga pangyayari sa ilalim ng batas militar ng diktadurang US-Marcos Sr.

Ayon kay Rep. Frances Castro, hindi “up for debate” ang mga katotohanang nakabatay sa ebidensya at salaysay ng mamamayang nakaranas nito. Si Cruz-Angeles ang bagong talagang tagapagsalita ni Ferdinand Marcos Jr.

“Sobrang established na ng mga facts tungkol sa martial law, human rights violations at korapsyon sa ilalim ng diktadura ni Marcos Sr.” ayon kay Castro. “Kinikilala ang mga fact na ito ng buong mundo, ng ilang desiyon ng Korte Suprema at naging basehan ng ilang batas tulad ng RA 10368 and EO No. 1 sa ilalim ni dating Presidente Cory Aquino na bumuo ng Presidential Commission on Good Government.”

Aniya, ang pagpapasailalim ng mga katotohanang ito sa debate ay pagpapatuloy sa “tangka ng pamilyang Marcos sa historical revisionism at denialism.” Nakikita niyang prayoridad ni Marcos Jr. ang baguhin ang kasaysayan at itanggi ang mga katotohanan ng kalupitan ng kanyang ama para linisin ang kanilang pangalan at “burahin ang mga kasalanan at kalupitan ng kanilang pamilya.”

“Mahalaga ang mga debate para sa kritikal na pag-iisip pero hindi natin dapat pagdebatehan ang mga katotohanan (fact) para irebisa at itanggi ang ating kasaysayan,” aniya.

Nakikinita ni Castro na ang pahayag ni Cruz-Angeles ang magiging modus operandi ng papasok na gubyenro ni Marcos Jr. at ng kanyang communications team para lalupang magpalaganap ng disimpormasyon para “baligtarin ang sisi sa mga kritiko nito at sabihin na sila ang nagpapakalat ng fake news kapag nananawagan ng pagtuturo ng facts ukol sa martial law.”

Pahirap na mga buwis, nakaambang ipataw ni Marcos Jr. sa mamamayan

Hunyo 1, 2022

Nakaambang ipataw ng papasok na rehimen ni Ferdinand Marcos Jr. ang pahirap na mga buwis sa susunod na taon. Ito

ay para makalikom ng sapat na pondo ang estado para ipambayad sa trilyong utang na iniwan ng rehimeng Duterte.

Kabilang sa mga hakbang ang pagpapaliban sa pagpapababa sa buwis sa personal na kita na ipinangako ng batas na TRAIN. Babawiin rin ang eksempsyon sa value-added tax ang mga produkto at serbisyong tinatangkilik ng mga senior at may kapansanan. Bubuwisan na ang iba pang dating hindi sakop ng VAT tulad ng mga dyaryo, inuupahahang apartment o bahay, mga produkto ng kooperatiba, personal na gamit ng umuuwing mga migranteng Pilipino, pamasaha sa eroplano at iba pa. Lalupang itataas ang buwis sa mga inuming inasukalan.

Katwiran ng Department of Finance, kailangang makalikom ang estado ng ₱249 bilyon kada taon para iwasang mangutang sa pagbayad ng ₱3.2 trilyong utang na nadagdag sa panahon ng pandemya. Noong katapusan ng Marso, umabot na sa ₱12.68 trilyon ang utang ng gubyerno ng Pilipinas. Inaasahang aabot ito sa ₱13 trilyon bago magtapos ang taon.

Sa ulat mismo ng Department of Budget and Management, sa ₱5.5 trilyong inutang ng rehimeng Duterte noong 2020-2021, ₱616 bilyon lamang ang ginastos sa pandemya. At habang sinasabi ng DoF na nakapangutang itong hanggang \$25.8 bilyon para sa tugon sa pandemya, 23% lamang nito ay inilaan sa tiyak na mga programa sa paglaban ng Covid-19. Ang iba pa ay hindi sinabi kung saan napunta (51%) habang 26% ay hindi talaga napunta sa mga programang walang kinalaman sa pandemya.

Bwelta ng Ibon Foundation, ang mga buwis na nakaambang ipataw ay babalikatin ng mahihirap at mga ordinaryong Pilipino na ngayon pa lamang bumabangon mula sa

nakalulumpong lockdown na ipinataw ng rehimen sa panahon ng pandemya.

“Ang ganitong klaseng pagbubuwis ay paatras at mas magpapahirap sa ordinaryong mga Pilipino sa anyo ng mas matataas na presyo ng mga produkto at serbisyo,” ayon sa Ibon.

Dagdag ng institusyon, hindi sa pandemya ginastos ang kalakhan ng inutang ng rehimen kundi sa engrande at batbat sa korapsyong programang imprastruktura at pagbabayad ng nauna nang mga utang.

Binatikos din ni Rep. France Castro ACT Teachers ang pagpapaliban ng pagpapababa ng income tax at pagtatanggal ng ilang mga eksempsyon sa pagbubuwis. “Parusa ang mga ito sa mahihirap at panggitnang uri na tinamaan ng husto ng krisis sa ekonomya na dala ng pandemya,” aniya.

Ayon sa Ibon, kung kailan lumikom ng pera, kailangan lamang ng estado na buwisan ang sobrang yamang mga Pilipino. Anito, ang 2,919 bilyunaryong mga Pilipino ay may hawak na yamang ₱8.1 trilyon. Kung papatawan ito ng kahit kakarampot na buwis, maaaring makalikom ang gubyerno ng ₱467.1 bilyon.

Mahal na gasolina at kawalang suporta ng estado, nagpabagsak sa huli ng mga mangingisda

Hunyo 2, 2022

Tinukoy na dahilan ng mga mangingisda at grupong Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamakakaya) ang napakataas na presyo ng petrolyo at kawalang suporta ng gubyerno sa kanilang sektor bilang

salarin sa pagbaba ng bolyum ng huli ng mga mangingisda sa nagdaang unang kwarto ng 2022.

Nabawasan ng 2,000 tonelada (0.2%) ang kabuuang produksyon ng mga mangingisda kumpara sa parehong panahon sa nagdaang taon. Sa inilabas na Fisheries Situation Report para sa mga buwan ng Enero hanggang Marso, umaabot lamang sa 971,500 metriko tonelada (MT) ang kabuuang huli kumpara sa 973,620 MT noong 2021.

“Si Duterte ang dahilan ng kamakailangang mababang produktibidad sa sektor ng pangisda dahil sa kabiguan niyang tugunan ang isyu ng labis-labis na pagpepresyo ng mga produktong petrolyo,” ayon kay Fernando Hicap, pambansang tagapangulo ng Pamalakaya. Anang grupo, ang ginawa lang ng gubyerno ay pagbibigay ng limos na mga subsidyo.

Binigyang-diin ng Pamalakaya na ang ilang mangingisda ay huminto na sa pangangisda dahil 80% ng kanilang puhunan ay napupunta na lamang sa pagbili ng gasolina. Sa konserbatibong tala ng Philippine Statistics Authority, naiulat ang 114,000 na pagbaba ng empleyo sa subsektor ng pangangisda at aquaculture mula Marso 2021 hanggang Marso 2022.

Ayon kay Hicap, bigo ang gubyerno na imbestigahan ang “manipulasyon at labis-labis na pagpepresyo ng mga kumpanya sa petrolyo” na nagpahirap sa mga mangingisda at nakaapekto sa produksyon, suplay at presyo ng isda, at seguridad sa pagkain.

Noong Marso, sumirit tungong ₱924 mula sa dating ₱780 ang gastusin tuwing pumapalaot na gumagamit ng 12 litro ng krudo. Karaniwang tumatagal ito nang 6-8 oras. Kaugnay nito, naglunsad noong Marso ang Pamalakaya ng tigil-palaot

sa Laguna de Bay at Manila Bay para ipanawagan sa gubyrno ang sapat na suporta sa sektor.

Sa halip na tulungan at suportahan ang lokal na pangisda, ang naging desisyon ng Department of Agriculture ay ang panibagong pag-iimport ng 60,000 metriko toneladang isda para sa unang kwarto ng taon. Pinalawig ang saklaw na panahon ng importasyon hanggang ikalawang kwarto.

Hindi ibinaba ng importasyon ang presyo ng mga isda sa merkado. Sa halip, naitala ang 4.3% na pagtaas sa presyo ng isda noong Marso mula sa 2.9% noong Pebrero ngayong taon.

Mga estudyante sa US, nagwalk-out para ipanawagan ang gun control

Hunyo 2, 2022

Libu-libong estudyante sa elementarya at hayskul sa US ang nagwalk-out noong Mayo 27 para ipanawagan ang kagyat na mga reporma laban sa karahasang idinudulot ng walang regulasyong paglipana ng mga baril sa kanilang bansa.

Ginawa nila ang pagkilos matapos ang insidente ng pamamaril na pumatay sa 19 sa isang paaralan sa Uvalde, Texas.

Noong Mayo 24, 19 estudyante, karamihan edad 10 anyos, at dalawang guro ang namatay sa pamamaril ng isang 18-anyos na lalaki sa loob ng Robb Elementary School sa Uvalde. Bago nito, binaril din ng naturang lalaki ang kanyang lola at iniwang lubhang sugatan. Naging malaking usapin sa komunidad ang mga kahinaan ng pulis sa pagresponde sa sitwasyong nagdulot ng malaking troma sa mga bata at buong komunidad.

Ang pamamaril sa Uvalde ay isa sa 85 insidente ng pamamaril sa loob ng mga eskwelahan sa US sa 2022 lamang. Ayon sa grupong EveryTown for Gun Safety, nagresulta ang mga insidenteng ito sa pagkamatay ng 36 na indibidwal at pagkasugat ng 68 pa. Anito, mula 2013, umabot na sa 933 insidente ng pamamaril sa loob ng mga eskwelahan ng US. Nagdulot ito ng pagkamatay ng 317 indibidwal at pagkasugat ng 644, karamihan mga batang estudyante. Ang EveryTown ay kalipunan ng mga grupong naghahangad ng mga reporma para kontrolin ang pagbebenta sa mga indibidwal at responsableng paggamit ng mga baril sa US.

Pinamunuan ng grupong Students Demand Action ang mga walk-out sa mahigit 200 eskwelahan sa 34 estado sa US (katumbas ng rehiyon). Anila, ang karahasan mula sa naglipanang mga baril ay isa sa nangungunang dahilan ng pagkamatay ng mga bata at tinedyer na Amerikano.

“Apektado ang kakayahan ng mga bata na matuto, lumaki at umunlad sa bawat pagputok ng baril na kanilang nararanasan,” ayon sa grupo. Kinilala nitong mas madalas na apektado ang mamamayang may kulay, tulad ng mga Black at Latino, dahil sa “sistematikong di pagkakapantay-pantay sa loob ng mga institusyon at hene-henerasyon nang diskriminasyon na nakabatay sa lahi.” Ang Uvalde sa pangunahin ay isang komunidad ng mga Latino. Ang nambaril ay isa ring Latino.

Nanawagan ang grupo sa lahat ng mga estudyante na magsagawa ng mas masaklaw pang mga walkout sa kani-kanilang mga eskwelahan sa Hunyo 7.

CPP calls out Twitter over censorship of its accounts

Hunyo 4, 2022

The Communist Party of the Philippines (CPP) today revealed that its affiliate accounts were censored and suspended by Twitter on its social media platform without “warning or advise.” The said accounts served as platforms for the Philippine revolutionary movement to express its views, and share statements and updates on its activities.

CPP Chief Information Officer Marco Valbuena said that the accounts of the @prwc_info, the @cpp_angbayan, and @sineproletaryo, and that of National Democratic Front of the Philippines (NDFP) Chief Political Consultant @JoseMariaSison were suspended since yesterday, June 3.

“We see this as part of heightened efforts to silence anti-imperialist voices on social media on the pretext of the sham US ‘war against terror,’” Valbuena said.

The CPP spokesman (@cpp_marco), added his account may be targeted next by Twitter’s “arbitrary suspension,” which he says will “deny me and the CPP the chance to use Twitter as a self-declared platform for free expression.”

The Twitter suspensions came after Facebook and Google, both based in the US, censored and closed the social media and email accounts of the CPP last April. Valbuena further elaborated that these aim to “deny space for anti-imperialist forces to challenge and expose the official lies of the US and its fascist cohorts.”

He also said that these intend to allow US imperialists to “have absolute control over the social media narrative.”

Valbuena said that they “will continue to publish the CPP’s views in all possible ways.”

Official statements and articles of the Philippine revolutionary movement, the CPP, the New People’s Army

and the NDFP can be accessed on its website at <https://cpp.ph>.

Valbuena ended with an appeal to the friends of the CPP and people interested in the Philippine revolutionary movement to help in sharing their views over social media platforms.

“We hope our friends and people interested in the views of the CPP can help by sharing our statements and publications on Twitter, Facebook and other social media platforms. Let us continue to stand up to the US imperialists and not allow ourselves to be silenced,” Valbuena said. (CPP Information Bureau)

Imbestigasyon sa interbyu ng SMNI kay Palparan, itinutulak

Hunyo 4, 2022

Kinilala at tinanggap ng National Union of People’s Lawyers (NUPL) ang naging kamakailang desisyon ng Department of Justice (DOJ) na imbestigahan ang pag-interbyu ng SMNI at National Task Force-Elcac kay Gen. Palparan noong Marso mula sa kanyang kulungan.

Ayon kay Atty. Edre Olalia, presidente ng NUPL, “Tinatanggap at kinikilala namin ang mapagpasyang aksyong ito ng DOJ habang kinukwestyon ang makasariling ... pahayag ng Bureau of Corrections (Bucor) para bigyang-katwiran ang naganap na interbyu ng SMNI sa nakakulong na si Gen. Palparan.”

Binigyan ng DOJ ang Bucor ng sampung araw para magpaliwanag kung paanong nainterbyu ng midya si Palparan habang nakakulong sa New Bilibid Prison (NBP).

Ayon sa DOJ, ipinadala ang show cause order kay Gerald Bantag, direktor ng Bucor noong Mayo 30. Matapos ito ng sariling 'pagtatasa' ng ahensya kaugnay ng insidente. Binanggit ng DOJ na ang mga sangsyon na maaaring ipataw ay nakabatay kung magiging kapani-paniwala ang paliwanag ng Bucor.

Si Palparan, kasama ang dalawang retiradong sundalo, ay napatunayang maysala sa kasong pagdkidnap at iligal na detensyon sa dalawang mag-aaral ng UP na sina Karen Empeno and Sherlyn Cadapan. Nahatulan sila ng 40 taong pakakakakulong noong 2018.

Mahigpit na binatikos noong Marso ng mga biktima ng paglabag at pag-abuso sa kapangyarihan ni Palparan ang pagpapahintulot na makapanayam siya ng NTF-Elcac sa SMNI.

“Tanging sa Pilipinas makapagpapahayag ang isang pusakal na kriminal at nahatulang maysala mula sa kanyang selda,” ayon pa kay Ariel Casilao ng Anakpawis Partylist sa isang pahayag noong Marso. Dalawang oras na kinapanayam ni Lorraine Badoy ng NTF-Elcac at isa pang brodkaster ng SMNI si Palparan sa araw na iyon.

Nauna nang gumawa ng aksyon ang NUPL bilang pagpapahayag ng pagkadismaya noong Marso. Nagpadala sila ng sulat sa Bucor para igiit na ilipat si Palparan sa Maximum Secutiry Compound alinsunod sa nakasaad sa batas ng estado.

Samantala noong Mayo, nagsampa ng kasong administratibo sa National Telecommunications Commission sina Concepcion Empeño at Erlinda Cadapan, mga ina ng mga biktima ni Palaparan, para sa hiling nila na tanggalan ng prangkisa ang SMNI.

Umaasa ang NUPL na mayroong mapanagot ang DOJ sa nangyaring paglapastangan sa hustisya at pag-abuso sa kapangyarihan. “Umaasa kami para sa isang makatwirang kongklusyon, dapat mayroong mapanagot sa iligal, insensitibo at walang-ingat na pagpapakita ng espesyal na pakikitungo [kay Palparan] ng mga pampublikong upisyal at lahat ng grupong sangkot sa insidente,” dagdag ni Olalia.

Samahan ng mamamahayag sa Asia-Pacific, itinatag

Hunyo 4, 2022

Binuo noong Mayo 31 ng mga grupo ng mamamahayag sa rehiyong Asia-Pacific ang isang pederasyon na magtataguyod ng laban para sa kalayaan sa pamamahayag, pagpapalakas ng ekspresyon sa mga platapormang digital at paglaban sa panggigipit sa midya sa rehiyon.

Itinatag ang Federation of Asia-Pacific Journalists (FAPaJ) ng mga organisasyong kasapi ng pandaigdigang organisasyong International Federation of Journalists (IFJ). Layunin nitong buklurin ang mga mamamahayag sa Asia-Pacific para patampukin ang iba’t ibang isyu ng mga mamamahayag sa rehiyon.

Nahalal bilang unang pangulo ng pederasyon si Sabina Inderjit, kasalukuyang pangkalahatang kalihim ng India Journalists Union (IJU) at bise presidente ng IFJ. Samantala, naluklok si Salem Al Jahwari bilang bise presidente ng FAPaJ. Nahalal naman sa komiteng tagapagpaganap ng pederasyon ang Pilipinong mamamahayag na si Jonathan de Santos, tagapangulo ng National Union of Journalists of the Philippines.

“Umaasa kami na ang bagong pederasyon ay makatutulong sa pagpapaunlad ng umiiral na mga kooperasyon sa mga

unyon sa Southeast Asia at sa ibayong pagkakaisa ng mga unyon at organisasyong pangmidya sa buong Asia-Pacific para sa kalayaan sa pamamahayag at mas maunlad na kalagayan sa paggawa ng mga mamamahayag,” ayon kay de Santos sa isang panayam sa Kodaio Productions.

Ayon naman kay Sabina, masaya siya at nabuo na ang pederasyon na matagal nang inaasam ng mga mamamahayag.

Pinagkaisahan ng pederasyon ang iba’t ibang mga resolusyon kabilang na ang pagkundera sa tumitinding pag-atake sa midya sa mga bansa sa rehiyon kabilang ang Afghanistan, Nepal, India, Myanmar at Hong Kong, at nanawagan ng pinaigting na pag-uulat sa mga pag-aresto at paglilitis sa mga mamamahayag at iba pang paglabag sa kalayaan sa pamamahayag.

Ang FAPaJ ang ika-apat na panrehiyong grupo ng IFJ. Ang iba pa ay ang European Federation of Journalists (EFJ), Federation of African Journalists (FAJ) at ang Federación de Periodistas de América Latina y el Caribe (FEPALC).

Isinagawa ang pagtatatag ng pederasyon kasabay ng ika-31 Pandaigdigang Kongreso ng IFJ sa Muscat, Oman mula Mayo 31 hanggang Hunyo 3. Dinaluhan ito ng 250 kalahok na kumakatawan sa mga unyon at asosasyon ng mga mamamahayag mula sa 92 bansa. Naghalal din ang naturang kongreso ng bagong mga upisyal ng komiteng tagapagpaganap ng IFJ.

Supertubo ng mga monopolyo ng langis, lumaki nang 300% dulot ng gera sa Ukraine

Hunyo 4, 2022

Tatlong beses na lumaki ang tubo ng limang pinakamalalaking kumpanya ng langis sa mundo para sa unang kwarto ng 2022, ayon sa isang ulat na inilabas ng Center for American Progress (CAP) noong Mayo 18. Ito ay matapos sumirit ang presyo ng mga produktong petrolyo bunga ng ispekulasyon sa merkado dulot ng imperyalistang gera na sumiklab sa Ukraine mula Marso.

Tumanggi ang mga kumpanyang ito na taasan ang produksyon ng krudong langis sa harap ng kasalatan sa suplay sa US at Europe na likha ng mga sangsyon na ipinataw sa langis ng Russia. Nasa \$100 pataas kada bariles ang presyo ng krudong langis sa nakaraang mga buwan. Nangangahulugan ito ng limpak-limpak na tubo.

Umaabot sa \$35 bilyon ang nakopo ng Shell, ExxonMobil, BP, Chevron, at ConocoPhillips — 300% na mas malaki kumpara sa tubo nila noong unang kwarto ng 2021. Ayon sa CAP, hindi kalabisan kung sasabihing labis na kapaki-pakinabang para sa mga upisyal (ng mga kumpanya) ng langis ang gera sa Ukraine at hirap na idinulot nito.

Ayon sa institusyon, tumabo nang \$205 bilyon noong 2021 ang 25 pinakamalaking kumpanya sa langis matapos ang muling pagbubukas ng mga ekonomya mula sa mga lockdown na tugon sa pandemya noong 2020. Hindi nito lubos na maisip kung gaano kalaki ang supertubo sa unang kwarto ng 2022.

Sa halip na gamitin ang supertubo para sikaping maibaba ang presyo ng mga produktong petrolyo ngayong taon, lalupang pinaarangkada ng mga kumpanya ang paghuthot ng tubo. Sa US, umabot sa \$6 kada galon (₱312 sa palitang \$1=₱52, o ₱82.54 kada litro) ang presyo ng gasolina.

Hindi rin ginamit ng mga kumpanya ng langis ang dambuhalang tubo para pondohan ang kanilang mga komitment sa paglaban sa climate change. Sa halip, niregaluhan nila ang kanilang sarili mga upisyal ng limpak-limpak na sweldo at mga bonus. Ayon sa CAP, kumita ng \$349 milyon sa iba't ibang anyo ng kompensasyon ang 28 pinakamatataas na upisyal ng kumpanya ng langis at gas noong 2021. Mas mataas ito nang \$45 milyon kumpara sa 2020.

Ika-9 na Kongreso ng grupong Freedom Road Socialist Organization, inilunsad

Hunyo 5, 2022

Nagtapos kamakailan ang ika-9 na Kongreso ng Freedom Road Socialist Organization (FRSO), isang rebolusyonaryong organisasyon sa US, na may temang 'Sunggaban ang pagkakataon, maliwanag ang hinaharap! (Seize the time, the future is bright!) Nagpaabot ng mensahe ng pakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa isinagawang kongreso ng FRSO.

Para sa FRSO, ang pagtatapos ng kanilang Kongreso ay pagpapakita ng pagsulong ng kanilang mga pagsisikap para magtayo ng bagong partido komunista na mangunguna sa paglaban para sa sosyalismo.

Nagmula ang mga delegado ng kongreso mula sa lahat ng rehiyon ng US. Karamihan ay mga bagong kasapi na bunga ng mabilis na pagsulong ng organisasyon sa nagdaang apat na taon.

Ayon sa FRSO, ang malaking mayorya ng mga delegado ay mas bata sa 35 taong gulang na mga lider at aktibista ng kilusang paggawa. Sangkatlo (1/3) sa mga dumalo ay mga

minoryang nasyunalidad tulad ng mga African American. Halos kalahati ng mga dumalo ay kababaihan at mula sa sektor ng LGBT+.

Inilahad din ng kanilang Kongreso na sa nagdaang panahon, “nakasaksi tayo ng walang-kaparis na antas ng pakikibaka mula dekada 1960. Ang naging pag-aaklas matapos ang pagpaslang kay George Floyd, na parehong malapad at militante, ay naghuhudyat ng paparating na mga pagsulong.”

Nagpasa ng mga resolusyon ang kongreso kaugnay ng pagtatayo ng bagong partido komunista sa US, kabilang ang paglalatang ng gawain sa pagtatatag ng Komisyon para sa mga African American para makatulong sa pagpapaunlad ng gawain sa kilusang Pagpapalaya sa mga Itim (Black Liberation). Kinastigo rin ng isang resolusyon ang pakikialam ng US sa inter-imperyalistang digma sa Ukraine.

Sa huli, naghahalal ang kongreso ng bagong komite sentral na pamumunuan. Kabilang dito si Mick Kelly bilang pampulitikang kalihim ng organisasyon.

“Binabati ng PKP ang RFSO sa matibay na pagsusulong ng Marxismo-Leninismo at nagpapatuloy na paglago ng organisasyon nito. Tumatanaw kami sa plano ninyong magtatag ng isang pambansang upisina bilang mahalagang hakbang tungong pagtatatag ng mga balangay ng FRSO sa mas maraming syudad sa buong US,” ayon sa mensahe ng pakikiisa.

“Lubos na kinikilala ng PKP at mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas ang mahalagang tungkuling ginagampanan ng FRSO sa dumaraming pakikibakang masa sa buong US, kabilang ang malawakang kilusang protesta kasunod ng pagpaslang kay George Floyd noong 2020, at sa umuunlad na pakikibakang manggagawa,” dagdag ng PKP.

Liban pa sa PKP, nagpadala rin ng pakikiisa ang Liberation Party of Argentina (PL), Workers Party of Belgium, Communist Party of Greece, New Communist Party of Britain, Marxist-Leninist Party of Germany (MLPD), Fronte Popolare (Italy), Communist Party of the Philippines (CPP), International League of Peoples' Struggle – Jose Maria Sison, Communist Party of Sweden, Labor Party of Turkey, at United Socialist Party of Venezuela.

“Ipinagdiriwang ng PKP ang bawat naaabot at napagtatagumpayan ng FRSO sa kolektibong paglaban natin sa kumon na kaaway. Sa ganitong usapin, ang mga naaabot at napagtatagumpayan ng PKP at ng rebolusyong Pilipino ay mga ambag nito sa pangkalahatang pagsisikap ng api at pinagsasamantalang mamamayan na isulong ang adhikain ng sosyalista at pambansa-demokratikong rebolusyon.”

Trahedyang Marcopper, pamana ng diktadurang Marcos Sr.

Hunyo 7, 2022

Maituturing na tagumpay ang desisyon ng Regional Trial Court sa Marinduque noong Mayo 16 na nag-utos sa Marcopper Mining Corporation na magbayad ng danyos nang hanggang ₱10 milyon para sa insidente ng mine spill noong 1993. Gayunpaman, hindi matutumbasan ng kahit anong halaga ang paulit-ulit at matagalang mga pinsalang idinulot ng pagmimina ng kumpanya sa mamamayan ng Marinduque.

Nagmula ang hatol sa kasong isinampa ng 30 indibidwal kaugnay sa pagkawasak ng dam ng kumpanya na nagresulta sa pagbaha at pagkasira ng kabuhayan ng mga residente ng dalawang barangay sa Mogpog, Marinduque. Iginawad ni Judge Emmanuel Recalde ng Branch 38 ang pasya na

bayaran ng Marcopper ang mga nagsakdal ng ₱300,000 (\$5,734) bawat isa, at isang milyong piso para sa “exemplary damages” o danyos para tiyaking hindi na mauulit ang krimen.

Pinagmulan ng kaso ang pagbaha ng nakalalason na basura ng Marcopper sa Mogpog River nang gumuho ang Maguila-guila dam na nasa itaas na bahagi ng ilog. Nagresulta ito sa baha na tumangay sa maraming bahay, pumatay sa mga alagang hayop at sumira ng mga pananim. Dalawang bata ang naiulat na nalunod. Sa Barangay Hinapulan, nabaon sa anim na talampakan ng maputik na tubig-baha. Dahil dito, lumikas ang 400 pamilya.

Hindi naging madali para sa mamamayan ng Marinduque ang laban. Inabot ng 21 taon ang pakikipaglaban nila sa korte kasama ang mga grupong maka-kalikasan. Bago nito, magtatatlong dekada nang hinahakot ng kumpanya ang depositong ginto, pilak at tanso sa kabundukan ng prubinsya.

Higit pang pagdurusa

Nasundan ang mine spill ng 1993 ng mas malaki pang trahedyang mawasak ang dam ng basura at tumapon sa isang mayor na ilog ang halos 200 milyong toneladang nakalalasang kemikal noong Marso 24, 1996. Ang insidenteng ito, na itinuturing na pinakamalala sa kasaysayan ng bansa, ay may matagalang pinsala sa buhay at kabuhayan ng mga Marinduqueño.

Ang Boac River, na pinagmumulan ng kabuhayan ng mga nakapaligid na komunidad, ay idineklarang mapanganib. Ang latak na itong nagmula sa pagproseso ng mineral ay siksik sa mga metal at kemikal, at agarang pumatay sa nasabing ilog. Kalaunan ay nagresulta ito sa paglikas at

taggutom. Umabot sa 4,000 residente mula sa limang barangay ang direktang naapektuhan ng sakuna. Ilan sa kanila ang namatay.

Pangmatagalang pinsala ang idudulot ng lasong kemikal mula sa basura na sisira sa kapaligiran at produktibong ekosistema na pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tao. Peligroso para sa kalusugan ang konsentrasyon ng mga metal sa mga gulaying itinatanim at binebenta sa prubinsya. Maraming residente, kabilang ang mga bata, ang natuklasang may mataas na lebel ng nakalalasang lead at cyanide sa kanilang dugo.

Sa kabuuan, apat na kasong kriminal, sibil at administratibo ang isinampa ng pamahalaang pamprubinsya ng Marinduque laban sa Barrick Gold, Marcopper Mining Corp., and Placer Dome, Inc. at kanilang mga upisyal simula 1996.

Noong 2014, nag-alok ang kumpanya ng \$20 milyon sa mga nagsakdal. Tinanggihan ito ng pamahalaang panlalawigan ng Marinduque hindi lamang dahil hindi ito sapat para mabayaran ang pinsala sa kapaligiran. Inayawan ng lokal na gubyrno ang alok dahil nais din ng kumpanya na bitawan na ng mga nagsakdal ang paniningil sa pananagutan at responsibilidad sa trahedyang.

Trahedyang ng diktadura

Ang mga trahedyang idinulot ng Marcopper ay kabilang sa mga pamana ng diktadurang Marcos na hanggang ngayon ay iniinda ng mamamayan. Itinatag ang kumpanya noong 1969 gamit ang pondo mula sa Asian Development Bank, na noo'y nagmamay-ari ng 40% nito. Noong 1975, pinahintulutan ni Ferdinand Marcos Sr. ang kumpanya na magtapon ng basura sa Calancan Bay sa kabila ng malawak na pagtutol ng residente sa isla. Sa pamamagitan ng kanyang mga kroni,

hinawakan ng diktador ang 49% sa korporasyon. Gamit ang estado-poder, pinigilan niya ang mga pagbatikos at pagsalungat ng mamamayan sa minahan. Sinuspinde niya ang mga regulasyong pangkapaligiran kahit malinaw ang pinsalang idudulot nito sa kalapit na mga komunidad.

Kahit matapos mapatalsik ang diktador na si Marcos, nagtuluy-tuloy ang pagpabor ng estado sa Marcopper. Namagitan ang dating pangulo na si Cory Aquino upang maipagpatuloy ng Marcopper ang pagtatapon ng nakalalasang basura sa Calancan Bay kahit may “cease-and-desist order” mula sa ahensyang pangkalikasan.

Hindi pinigilan ng sumunod na rehimen ni Fidel Ramos ang operasyon ng Marcopper. Malaking bahagi ng kanyang ilusyonadong “industriyalisasyon” ay nakaangkla sa mapangwasak na pagmimina. Pinalala pa ito ng sumunod na mga rehimen na sunud-sunod na nagtaguyod sa Philippine Mining Act ng 1995.

Araw ng Kalayaan, maagang ginunita sa New York

Hunyo 8, 2022

Bilang maagang paggunita sa ika-124 taon ng kalayaan ng Pilipinas, nagmartsa ang mga myembro ng Malaya Movement at Makibaka Coalition kasama ang 1Sambayan US sa Madison Avenue, New York City sa US. Daan-daan ang nakiisa sa protesta na may panawagang “Never Forget!” Para sa Makibaka Coalition, ang laban para sa demokrasya ay nagpapatuloy laluna sa harap ng panunumbalik ng mga Marcos at Duterte sa Malacañang.

Inihayag din nila ang nagkakaisang tindig ng mga Pilipino at mga organisasyon sa US para sa makamasang pagbabago at pag-unlad; panawagan para sa pagwawakas ng korapsyon at

dinastiya na nagpapatindi ng kahirapan ng mamamayan. “Itinatakwil namin si Ferdinand Marcos Jr. at Sara Duterte dahil kinakatawan nila ang awtoritariyan, dinastiko at mapanlinlang na katangian ng pulitika sa bansa,” ayon sa Makibaka Coalition. Anila, malinaw na ang administrasyong Marcos-Duterte ay nanalo sa pamamagitan ng pandaraya, disimpormasyon at karahasan na pinamahalaan mismo ng mga alipures ni Duterte at pinondohan ng kaban ng mamamayan.

“Dapat managot ang pamilyang Marcos sa \$10 bilyon na kanilang dinabong, ₱203 bilyong buwis na hindi nila binayaran at malawakang paglabag sa karapatang-tao sa panahon ng batas militar,” ayon sa mga nagprotesta.

Gayundin binigyang-diin nila na dapat isakdal si Duterte sa kanyang mga krimen sa sangkatauhan na nagresulta sa pagkasawi ng hindi bababa sa 3,500 Pilipino.

Nakatunghay ang buong bayan sa pinakanotoryus na kumbinasyon ng oligarkiya sa kasaysayan ng bansa, anila. Ngayon, higit kailanman, dapat na magpunyagi sa pakikibaka para sa tunay na demokrasya. Krusyal ang susunod na mga taon para irehistro ang pagtatakwil sa kronyismo at pagbabaluktot sa kasaysayan.

Protesta sa panahon ng ECQ, makatwiran

Hunyo 8, 2022

Dalawang taon na matapos marahas na binuwag, inaresto at ilegal na idinitine ng mga pulis ang 21 maralita na naggigiit ng kanilang karapatan sa pagkain at ayuda. Noong Hunyo 7, ipinawalangsala sila sa kasong paglabag sa mga alituntunin ng “enhanced community quarantine” o ECQ, ang pinakamahigpit at pinakamilitarisadong antas ng lockdown

na ipinataw ng rehimeng Duterte gamit ang pandemyang Covid-19.

Ayon sa korte, karapatan ng mga residente ng Sityo San Roque na magprotesta noong Abril 2020 para sa sapat na pagkain. Anito, hindi saklaw sa mga ipinagbawal sa ilalim ng ECQ ang paglabas ng mga residente sa harap ng kanilang mga bahay para igiit ang kanilang pangangailangan sa pagkain. “Habang ang iba ay simpleng pumila sa grocery at supermarket para magkaroon ng pagkain sa panahon ng ECQ, ang mga kinasuhan sa kinonsolidang mga kaso, sa kasamaang palad, ay kinailangang magmakaawa at mamalimos para sa pagkain,” ayon sa desisyon.

Hindi rin umano labag sa Batas Pambansa 880 ang pagsasagawa ng mga akusado ng rali sa harap ng isang pampublikong lugar para iparating sa gubyerno ang kanilang hinaing, paggiit ng pagkain sa tulong ng mga plakard na may nakasulat na “Pagkain ang kailangan namin” at “Ibigay nyo ang para sa amin.” Ito ay kahit walang permit ang naturang pagkilos.

Ipinagdiwang ng mga kasapi ng grupong Kadamay-San Roque ang desisyon ng korte na iabswelto sila. Sa kanilang pahayag, isinaad ng #SanRoque21 na ang desisyong ito ay pagbibigay ng hustisya sa lahat ng mga nanawagan para sa kanilang karapatan na biktima ng pagsupil ng estado.

Bago ang desisyon, nagpaabot ng suporta at tulong ang iba’t ibang personalidad para sa kanilang pyansa at donasyon para sa mga residente ng Sitio San Roque sa panahon ng lockdown.

Bungkalan sa Tarlac, marahas na binuwag; 92 inisyal na inaresto

Hunyo 10, 2022

Marahas na binuwag ng Philippine National Police (PNP) ang bungkalan o sama-samang pagsasaka ng lupa sa Hacienda Tinang, Concepcion, Tarlac kahapon, Hunyo 9. Inaresto nito ang 92 magsasaka, kabataan at artista. Ang bungkalan ay pinamunuan ng Malayang Kilusang Samahan ng Magsasaka ng Tinang (MAKISAMA-Tinang.)

Inihahanda ng mga magsasaka ang dalawang ektarya ng lupa sa Hacienda Tinang para sa kanilang kolektibong pagtatanim ng gulay nang buwagin ng mga pulis sa aktibidad. Inakusahan ng mga ito ang mga magsasaka na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sinampahan ng mga kaso ng malicious mischief (panggugulo) at obstruction of justice.

Kasalukuyang nakakulong sa Tarlac Provincial Office, Concepcion Police Station ang mga inaresto at nakatakdang sumailalim sa inquest proceedings ngayong araw.

Sa salaysay ng isang kalahok, nang tanungin nila ang mga pulis kung bakit nanggugulo at bakit sila inaaresto, ang tugon lamang sa kanila ay: “NPA kayo.”

“Noong una, ilan lamang ang dinampot sa amin, pero kinorner kami sa kubo ng isang magsasaka kung saan winasak nila ang pinto,” ayon sa salaysay ni Angelo Suarez. Dito na umano nagdesisyon ang mga pulis na damputin ang mas maraming kalahok sa aktibidad.

Ang lupang binububungkal ay bahagi ng 200 ektaryang lupa na ipinagkaloob ng Department of Agrarian Reform sa 236 na magsasakang kasapi ng MAKISAMA-Tinang. Noong taong

1995 pa ibinigay sa kanila, sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), ang mga Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na nagpapatunay na pag-aari nila ang lupa. Muling pinagtibay ng DAR ang paggawad ng lupa sa mga magsasaka noong 2018 at 2019.

Sa isang dayalogo sa DAR Central Office noong Hunyo 7, sinabi ni DAR Assistant Secretary John Laña na sapat ang katibayan ng mga magsasaka na pag-aari nila ang lupa.

“Isang araw bago ang ika-34 taon ng CARP ngayong araw Hunyo 10, inililinaw ng insidente ang kabiguin nito at pagtugon sa matagal nang suliranin sa lupa ng bansa, at pinasisinungalingan ang sinasbai ng rehimeng Duterte na legasiya nito sa reporma sa lupa,” ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

Dagdag pa ng KMP, “ang pagkakait ng lupa sa magsasaka ay pagkakait sa kanila ng kanilang buhay... ang pagtatanim ng pagkain ay hindi krimen, at ang pagsuporta sa mga magsasaka ay hindi gawaing kriminal.”

Kabilang sa mga inaresto ang ilang mamamahayag pangkampus ng The Angelite ng Holy Angel University at The Work ng Tarlac State University. Kinundena ng College Editors Guild of the Philippines ang panggigipit sa mga kasapi nito at nanawagang kagyat silang palayain kasama ng iba pa.

Nagdaos ngayong umaga ng isang mini-graduation rites ang mga kabataan at progresibong grupo sa Tarlac Provincial Office, Concepcion Police Station bilang panawagan sa kagyat na pagpapalaya kay Denisse Macalino ng The Angelite. Magmamartsa sana si Macalino ngayong araw sa kanyang pagtatapos sa paaralan.

Gayundin, sumugod at nagprotesta ang mga progresibo sa harapan ng upisina ng DAR sa Quezon City para ipanawagan ang kagyat na pagpapalaya sa mga inarest. Pinamunuan ito ng KMP.

Ngayong araw din, nagpiket naman ang mga myembro ng Anakbayan at Katribu sa harap ng upisina ng Commission on Human Rights sa Quezon City para ipanawagan ang pagpapalaya sa mga inaresto at ipagtanggol ang bungkalan.

Kontra-atake laban sa 34th IB, inilunsad ng BHB sa Lanao del Sur

Hunyo 10, 2022

Sinalakay ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Lanao ang nag-ooperasyong mga sundalo ng 34th IB noong Mayo 25 sa magubat na bahagi ng bayan ng Maguing, Lanao del Sur. Hindi bababa sa dalawa ang napatay at tatlo ang nasagutang sundalo sa 10-minutong armadong aksyon.

Ang pagsalakay ay kontra-atake ng BHB laban sa focused military operation o FMO ng 34th IB sa nasabing bayan. Nauna nang naengkwentro ng BHB-Lanao ang mga sundalo noong Mayo 20 sa parehong bayan kung saan nagawang makapagmaniobra ng mga Pulang mandirigma nang walang kaswalti sa kanilang hanay.

Naganap ang unang engkwentro bandang alas-10 ng umaga at ang pangalawang engkwentro bandang ala-1 ng hapon.

Sa isang pahayag noong Mayo 30, binati ni Ka Alik Luna, tagapagsalita ng BHB-Lanao, ang mga Pulang kumander at mandirigma ng yunit sa matagumpay na armadong aksyon at kontra-atake.

Kinundena niya ang arbitraryo at walang pakundangang pambobomba ng AFP sa mabundok na bahagi ng Maguing noong Mayo 21 at 28. Dalawampu't isang (21) bala ng kanyon ang pinasabog simula alas-2 ng hapon noong Mayo 21 habang 7 bala ang pinakawalan ng AFP noong Mayo 28.

Ayon kay Ka Alik, ligtas ang buong pwersa ng BHB dahil malayo na ito sa target ng panganganyon ng AFP.

Saklaw ng operasyong kombat ng AFP ang kagubatan sa Maguing kung saan naghahanapbuhay ang mga residente malapit sa Darul Jirah Camp, 103rd Base Command ng Moro Islamic Liberation Front.

Ayon sa ulat ng BHB, pana-panahong natitigil ang pangangahoy ng mga residente sa panahong naglulunsad ng operasyong kombat ang mga sundalo. Dagdag pa dito, malisyosong iniuugnay ng mga sundalo ang kanilang hanapbuhay sa ISIS o BHB. Dagdag pahirap din sa mga residente ang pagsamsam ng mga sundalo sa nakukuhang kahoy ng mga residente.

Sa huli, nanawagan si Ka Alik Luna sa mamamayang Moro na patuloy na tumindig at lumaban para sa kanilang kagalingan. "Mas lumilinaw ang pangangailangan sa armadong pakikibaka," saad pa niya.

Presyo ng mga bilihin at yutilidad, tumaas dulot ng abot-langit na presyo ng langis

Hunyo 12, 2022

Sumirit nang 5.4% ang presyo ng mga bilihin at serbisyo noong Mayo, pinakamabilis sa nakaraang tatlong taon. Pangunahing dahilan nito ang walang awat na pagtaas ng presyo langis na nagpataas sa gastos sa produksyon.

Tumaas ang presyo ng pagkain (karne, isda at gulay) dahil sa mga pagbabago sa panahon. Pero imbes na palakasin ang lokal na produksyon, muling bumaling ang estado sa malawakang importasyon na napatunayan nang mapaminsala sa lokal na produksyon. Tumaas naman ang presyo ng elektrisidad at gas sa tantos na 6.59%.

Pinakamabilis ang tantos ng implasyon sa transportasyon sa 15%. Nitong buwan, pinakamataas ang dagdag sa presyo ng langis noong Hunyo 7 kung saan nagdagdag ang mga kumpanya ng langis ng ₱6.60 kada litro sa presyo ng diesel at ₱2.80 kada litro naman sa presyo ng gasolina. Bago nito, itinaas ng mga kumpanya ang presyo ng diesel ng ₱1.20 kada litro. Sa susunod na linggo, nakatakandang muling magtaas nang ₱3.92 ang presyo ng diesel, ₱0.59 sa gas at ₱4.66 kada kilo ng LPG.

Kung pagsasamahin, umabot na sa ₱29.20 ang nagdagdag na netong presyo ng diesel mula Enero ngayong taon. Ang presyo naman ng gasolina ay nadagdagan ng ₱23.10 sa parehong panahon. Ayon mismo sa kalkulasyon ng estado, maaaring umabot sa ₱95.15 kada litro ang gasolina sa ilang lugar.

Binwelatahan ng mga drayber at opereytor ang walang-awat na pagtaas ng presyo ng langis. Isinisisi nila ito sa pagmamatigas ng rehimeng Duterte na isuspinde ang value-added tax at excise tax sa langis. Anila, kung sususpindehin ang mga buwis, ang ₱84/litro ng diesel ay magigign ₱69/litro lamang. “Mataas pa rin kung tutuusin pero malaking ginhawa na sa bulsa ang ₱15 na buwis na ibabawas dito,” ayon sa grupong Piston.

“Ilang araw na lang ang nalalabi kay Duterte bilang pangulo pero hanggang ngayon wala pa ring maayos na aksyon ang kanyang pamahalaan tungkol sa ilang buwan nang OPH,”

ayon pa sa grupo. “Mistulang wala ring maaasahan kay Marcos Junior na hindi pa nakakaupo, pumihit na agad sa pangakong sususpendihin ang excise tax.”

Kaugnay nito, inilinaw ni Mody Floranda, tagapangulo ng Piston, na hindi dagdag pasahe kundi “pagbabalik” lamang sa dati nang pamasaha ang ₱1 sinang-ayunan ng LTFRB. Aniya, noong 2018 ay ginawang ₱10 ang pinakamababang pamasaha nang pumalo sa ₱40 kada litro ang diesel. Nang bumaba ang diesel sa ₱37 kada litro, ibinalik ng LTFRB ang pamasaha sa ₱9. Mahigit doble na ngayon ang presyo nang diesel, pero nasa ₱10 pa rin ang minimum na pasahe.

1.3 milyong manggagawa, nawalan ng trabaho noong Abril

Hunyo 14, 2022

Bumaba nang 1.3 milyon ang bilang ng mga manggagawang may trabaho noong Abril, kasabay ang pagkabawas ng 1.5 milyon sa bilang ng nasa labor force, kung ibabatay sa huling estadistika ng Phiippine Statistics Authority. Hindi mapagtakpan ang katotohanan na malayo pa ang Pilipinas sa ipinangangalandakan ng mga upisyal ng rehimeng Duterte na “full recovery,” ayon sa Ibon Foundation.

“Hindi maasahang palatandaan ng pagbangon ng ekonomya ang paglago na 8.3% sa unang kwarto ng 2022,” ayon sa grupo. Ito ay dahil hindi nito napigilan ang pagbagsak ng bilang ng mga may trabaho at nasa pwersa ng paggawa sa unang hati ng taon. Wala itong pagkakaiba sa “jobless growth” o pag-unlad na walang nalilikhang baging trabaho na katangian ng lokal na ekonomya kahit pa bago magpandemya.

Muling tinukoy ng Ibon ang pagkawala laluna ng mga pultaym na trabaho o yaong nag-eempleyo nang buong walong oras kada araw. Sa datos mismo ng estado, halos 2 milyon ang nalagas sa mga trabahong pultaym mula Marso hanggang Abril. Karamihan dito ay sa sektor ng serbisyo kung saan pansamantala at walang katiyakan ang trabaho.

Sa taya ng Ibon, umaabot sa 19 milyon o 42% ng mga trabaho noong Abril ay nasa di pormal na sektor na binubuo ng mga self-employed, mga nagtatrabaho sa mga sakahan o negosyo ng pamilya, kasambahay, at di-bayad na mga manggagawang kapamilya (unpaid family worker).

Kung hihimayin ang nawalang mga trabaho, ang mga ito ay sa sektor ng agrikultura at pangisda (1.1 milyon), public administration (275,000), kalakalan (242,000), administratibo at support services (160,000) at sa pinansya at seguro (143,000).

Di kailangan ng permit para magprotesta laban sa di lehitimong rehimeng Marcos II

Hunyo 14, 2022

Kahit sa ilalim ng konstitusyon 1987, protektado ang karapatan sa pagrarali at ang batas sa paghingi ng permit ay para lamang mabigyan ng abiso ang lokal na gubyrerno sa panahon at lugar ng pagdadausan ng rali.

Ito ang ligal na upinyon ng mga abugado ng National Union of People's Lawyers kaugnay sa sunud-sunod na pagbuwag ng Philippine National Police sa mga pagkilos sa nakaraang mga linggo. Pagsikil din sa karapatang ito ang pagbabawal ng PNP sa protesta sa araw ng inagurasyon ng ilehitimong presidenteng si Ferdinand Marcos Jr.

Ayon sa NUPL, sadyang mataas ang pagpapahalaga ng batas sa karapatang magprotesta kaya mataas rin ang itinakda nitong mga rekisito para tiyaking hindi ito masisiil.

“Ang karapatang magprotesta ay saklaw ng dalawang magkahiwalay na garantiya sa Bill of Rights — ang karapatang magpahayag at karapatan sa mapayapang asembleya,” ayon sa NUPL sa pahayag nito noong Hunyo 12. “Tanging ang pag-iral ng clear and present danger (malinaw at kagyat na peligro) ang makakapagbigay-katwiran sa pagsupil dito.”

Anang grupo, mali ang kamakailangang mga pahayag ng PNP na kailangan ng permit para makapagrالي.

“Hindi esensyal ang permit sa pagsasagawa ng pagtitipon,” ayon sa mga abugado. “Ang permit para sa rali sa ilalim ng Batas Pambasa Blg. 880 ay isa lamang rekisitong administratibo na nag-aawtorisa sa mga lokal na gubyrno na pangasiwaan — at hindi ipagbawal — ang oras at lugar ng mga pampublikong pagtitipon.”

Gayundin, hindi lahat ng pagtitipon o pagpapahayag ng upinyon ay maituturing na isang rali o pampublikong asembleya. Halimbawa, hindi saklaw ng administratibong awtoridad ng lokal na gubyrno ang mga piket o pagtitipon sa mga freedom park kaya hindi kailangan ng permit para magrالي sa mga lugar na ito.

Hindi maaring kasuhan, usigin o parusahan sa anumang paraan ang sinumang lumalahok sa isang mapayapang rali, ayon pa sa NUPL. “Mas mahalaga, nangangahulugan ito na hindi maaring arestuhin ang sinumang kalahok sa isang mapayapang rali.”

Sa nakaraang mga linggo, paulit-ulit itong nilabag ng mga pulis. Pinakahuli rito ang pag-aresto sa mahigit 90 katao na

nagsasagawa ng bungkalan sa Tarlac noong Hunyo 9. (Napalaya ang lahat ng mga inaresto noong Hunyo 12 matapos magpyansa nang ₱12,000 kada isa ang kanilang mga kaanak at kaibigan.) Pinag-aaralan ngayon ng mga abugado ang pagsasampa ng kaso sa mga pulis na namwersa, nang-aresto at nagditine sa kanila.

Terorismo ng estado ang ginagawa ng mga pulis sa pambabatuta, pambobomba ng tubig, pagkaladkad sa mga nagpuprotesta bago sila bugbugin. “Labag ito sa mismong batas na sinasabi ng PNP na ipinatutupad nila.”

Dapat palaging alalahanin at isipin ng mga Pilipino na pwede silang magprotesta nang walang takot o pag-aalangan dahil ang kalayaang ito ay ginagarantiyahan ng batas at isang “absolutong pangangailangan” ng ating lipunan, ayon pa sa mga abugado.

Mano-manong pagbibilang ng mga boto sa eleksyong 2022, itinutulak

Hunyo 14, 2022

Itinutulak ng tatlong kritiko ng nagdaang eleksyon ang mano-manong pagbibilang ng mga boto para sagutin ang maraming kwestyon sa bilangan at transmisyon ng mga resulta ng botohan.

Sa isinagawang press conference noong Hunyo 2, kinwestyon ng mga ekspertong teknikal na sina Franklin Ysaac, isang dating upisyal ng isang bangko at software developer; Gus Lagman, dating komisyoner ng Commission on Elections (Comelec) at pinuno ng Namfrel; at Eli Rio, dating kalihim ng Department of Information and Communications Technology, ang naging proseso ng Comelec—mula sa testing ng mga vote counting machine

hanggang sa napakabilis na transmisyong mga boto sa serber ng ahensya.

Kumbinsido sila na nagkaroon ng election rigging o dayaan sa eleksyon para paboran si Ferdinand Marcos Jr at na kakunsabo sa pandarayang ito ang Comelec. Partikular na pinagtuunan nila ng pansin ang napakabilis na transmisyong mga boto sa server ng ahensya nang hindi sinasabi o ipinababatid kung saan nanggagaling ang mga ito.

“Mapatutunayan na ilan sa mga safeguard ng automated election system ay hindi totoong ligtas at transparent,” anila. Halimbawa nito ang random manual count sa 200 presinto ay hindi totoong random (pinili nang walang padron) dahil magmumula ang listahan nito sa 757 presinto na nauna nang pinili ng makina ng Comelec. Anila, dapat dumaan sa sistemang tambiola ang pagpili ng sisiyasating mga presinto.

Gayundin, walang nakasubaybay na ekspertong IT (information technologist) sa paglalagay ng mga SD card na naglalaman ng mga boto o nakamasid habang binibilang ang mga boto sa mga vote counting machine. Nagkaroon ng pagkakataon kung saan maaaring binago o pinalitan ang laman ng naturang mga SD card para likhain ang serye o padron ng mga numero na hindi tugma sa Law of Large Numbers. Anila, katakataka ang padron na nagpapakita ng walang pagbabago ng porsiyentuhan sa pagitan ng mga boto para kay Marcos Jr at Leni Robredo na 68-32.

“(M)eron bang nag check kung may laman na mga balota bago umpisa ng election? Meron bang nag check ng SD card bago ito i-install sa 107,000 VCM? Sino po nag install ng SD cards sa VCMs? At sino ba talaga provider na binayaran ng COMELEC para sumulat ng code?” tanong ni Ysaac.

Ang serye ng di kapani-paniwalang bilang ay magmumula lamang sa mga SD card, anila. “Maaaring ang mga SD card na inilagay (sa mga VCM) ay nakaprograma na para maglabas ng mga padron na di sumasalamin sa mga boto,” anila. “Malaki rin ang posibilidad na ni hindi nito binilang ang mga boto.”

Dahil hindi narepaso ang mga SD card bago, habang at pagkatapos ng eleksyon, di kapani-paniwala at di katanggap-tanggap ang nagdaang eleksyon, anila.

Panawagan nila, isagawa ang mano-manong pagbibilang sa mga presintong tutukuyin sa pamamagitan ng sistemang tambiola at siyasatin ang mga SD card na ginamit sa eleksyon para tiyaking hindi ito pinakialaman.

Peligro sa pagawaan ng Universal Robina, inilantad

Hunyo 14, 2022

Naglunsad ng protesta at nagtirik ng kandila ang ilang mga manggagawa at kanilang tagasuporta sa pamumuno ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD) noong Sabado, Hunyo 11, para manawagan ng hustisya sa pagkamatay ni Stephen Corilla sa pabrika ng Universal Robina Corporation (URC) sa Tabok, Mandaue City, Cebu. Ang naturang protesta ay isinabay sa lingguhang protestang Black Saturday.

Namatay si Corilla habang naglilinis ng pulverizer machine sa loob ng pabrika ng URC noong Hunyo 2. Ayon sa mga manggagawa at ulat ng Department of Labor and Employment (DOLE), depektibo ang safety device ng pulverizer machine, kaya biglang umandar habang nasa loob at nililinis ito ni Corilla. Ayon pa sa mga ulat, bigla lamang inatasan si Corilla na gampanan ang paglilinis ng makina

kahit wala siyang sapat na karanasan dito at dadalawang linggo pa lamang sa trabaho.

Walang naging kagyat na tugon ang kumpanya sa nangyari kay Corilla at bagkus nagtuluy-tuloy ang operasyon sa pagawaan matapos ang insidente. Hindi kaagad tumawag ang kumpanya sa pulis, barangay, o DOLE para mag-ulat. Dagdag pa, walang makabuluhang tulong na ibinigay ng URC sa kanyang pamilya sa dahilan na si Corilla ay agency-hired at hindi diumano manggagawa ng URC.

Nagpaabot ang mga manggagawa ng URC at Universal Robina Corporation Employees Union Farm Division (URCEU-FD) ng pakikiramay sa pamilya at naulila ni Corilla. Kinundena nila ang kapabayaang ng kumpanya sa pagkamatay ni Corilla.

Binigyang-diin ng unyon na hindi ito ang unang pagkakataon na nagpabaya ang URC at ang mga Gokongwei sa mga manggagawa. Inilahad ng URCEU-FD na noong 2020 ay tinanggal sa mga babuyan sa Robina Farms sa Rizal at Bulacan ang 200 manggagawa habang noong 2021 ay naging laganap ang kontraktwalisasyon, iligal na tanggalan, at pagbuwag sa unyon sa Handyman-True Value-Robinson's Builders.

Sa naging imbestigasyon ng DOLE Central Visayas sa kaso, pinatawan nito ang URC ng administratibong bayad-pinsala na ₱100,000 sang-ayon sa Occupational Safety Law. Pero ayon sa IOHSAD, hindi matutumbasan ng halagang ito ang buhay ni Corilla, at bagkus iginigiit ng grupo na ikriminalisa ang mga paglabag sa occupational safety and health standard.

Sa isang nagkakaisang pahayag ng mga organisasyon as paggawa, isinaad nilang “panahon na upang suriin at

baguhin ang mga umiiral na batas na dapat sana'y para proteksyunan ang karapatan ng mga manggagawa." Dahil sa kawalan ng ngipin ng batas, "malayang nakapagpapatuloy ng operasyon ang mga kapitalista kahit pa napakaraming kaso ng paglabag sa mga probisyon."

Bago si Corilla, apat na manggagawa ang namatay matapos gumuho ang isang gusali sa Muralla Industrial Park sa Barangay Libtong, Meycauayan, Bulacan noong Mayo 31. Itinuturong dahilan ng pagguho ang overloading ng mga nakaimbak na parsela at pakete.

Pagpapabango sa mga simbolo ng diktadura

Hunyo 15, 2022

Sa darating na Hunyo 30, manunumpa bilang presidente ang anak ng diktador na si Ferdinand Marcos Jr. Gagawin ang kanyang inagurasyon sa ngayo'y National Museum, dating bulwagan ng Kongreso ng Pilipinas.

Pinili ni Marcos Jr ang gusali dulot diumano ng makasaysayang halaga nito bilang benyu ng panunumpa ng naunang mga presidente. Ang hindi nababanggit ng kanyang mga propagandista, dito rin naganap ang isa sa pinakamakasaysayang pagkilos ng kabataan sa dekada 1970 na marahas na sinupil ng rehimen ng kanyang ama.

Noong Enero 26, 1970, nagtalumpati ang noo'y presidente na si Ferdinand Marcos Sr sa ikalima niyang State of Nation Address (una sa pangalawa niyang termino). Bitbit ang isang kabaong na nagsilbing simbolo ng kamatayan ng demokrasya at effigy ng isang buwaya na simbolo naman ng kurakot na mga pulitiko, pinalibutan ng mga raliyista ang gusali. Dinumog nila ang mag-asawang Marcos habang papalabas sila at ayon sa salaysay ni Marcos Sr, hinagisan ng

mga bato. Ginamit itong dahilan ng mga pulis para marahas na buwagin ang protesta.

Ang dispersal na tumagal ng ilang oras ang nagsilbing simula ng serye ng mga protesta ng mga estudyante sa Kamaynilaan at iba't ibang bahagi ng bansa na kilala bilang First Quarter Storm.

Ang paggamit sa dating bulwagan ng Kongreso ay isa lamang sa mga tangka ng pamilyang Marcos na tabunan ang mararahas na pangyayari sa diktadura. Sa nakaraang ilang dekada, walang tigil sila at kanilang mga propagandista para pabanguhin ang mga simbolo ng diktadura na lubos na kinamumuhian at nagdudulot ng pagkabalisa sa maraming Pilipinong dumanas ng trahedya at brutalidad sa ilalim ng martial law.

Nitong nagdaang eleksyon, hitik ang kampanya ni Ferdinand Marcos Jr ng mga galaw at simbolismo ng kanyang amang diktador. Kulay ng kanyang kampo ang pula. Simbolo niya ang letrang V. Kapag nagtatalumpati, ginagaya niya ang mga kilos ng kanyang ama. Kahit ang pagpapaabot ng mensahe ay may bahid ng yumaong diktador. At sa bawat pagtatapos ng rali, pinatutugtog ng kanyang mga organisador ang bagong bersyon ng kanta ng martial law na “Bagong Lipunan.”

Ginamit naman ng kanyang kapatid na si Imee Marcos sa kanyang kampanya ang nutribun, ang tinapay na mali nilang ipinagmamalaki na simbolo ng mga “ginintuang taon” ng diktadura. Ang totoo, ang nutribun ay pinaunlad at pinondohan ng USAID at World Bank bilang huwad na solusyon sa mataas na tantos ng malnutrisyon sa hanay ng mga batang Pilipino sa panahong iyon. Ginamit na rin ito ng kanilang ama sa kanyang pangangampanya at naging bahagi

ng trabahong “mapagkawanggawa” ng kanilang inang si Imelda.

Sibilyan, dinakip ng AFP sa militarisadong Ifugao

Hunyo 15, 2022

Pinabulaanan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Ifugao (Nona del Rosario Command) ang ipinakakalat ng 7th ID ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na Pulang mandirigma ang dinakip ng mga sundalo sa Asipulo, Ifugao noong Mayo 30 na si Emmanuel Tan.

Ayon sa yunit, si Tan ay isang organisador sa komunidad na nagsasagawa ng gawaing pangkultura sa hanay ng mga magsasaka at katutubo sa lugar. “Hindi siya kasapi ng BHB,” ayon sa BHB-Ifugao sa pahayag nito noong Hunyo 13.

“Pinasisinungalingan din namin [ang sinasabi ng militar] na mayroong mga banta ang BHB sa buhay ni Tan,” saad nito. Binigyang-diin ng yunit na ang tunay na banta sa buhay ni Tan ay ang “isang linggong ilegal na detensyon sa kanya sa kampo ng militar kung saan isinailalim siya sa sikolohikal at emosyonal na tortyur para pwersahin siyang ‘sumuko’.

Samantala, kinumpirma ng BHB ang serye ng mga engkwentro sa bahagi ng Barangay Namal, Asipulo simula Mayo 23. “Sa mga labanang ito, hindi bababa sa dalawa ang napatay sa hanay ng mga pasista, at hindi matukoy ang bilang ng mga sugatan,” ayon sa yunit.

Pinarangalan naman ng BHB-Ifugao si Mando “Ka Monroe” Eduarte, isang Pulang mandirigmang namartir sa serye ng mga engkwentro. Pinatotohanan ng yunit BHB na may dalawang Pulang mandirigma ang nadakip sa labanan at iginigiit sa AFP na igalang ang kanilang mga karapatan bilang mga bihag sa digma o prisoner of war.

Malinaw na nakasaad sa ika-7 punto ng ikatlong bahagi ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na dapat “hindi ipasailalim sa pisikal o mental na tortyur, solitary confinement...malupit at nakawawalang-diginidad na pagtrato, detensyon at pagpaparusa” ang sinuman.

Mula pa Marso naglulunsad ng nakapokus na operasyong militar ang mga yunit sa ilalim ng 5th ID at 7th ID sa prubinsya.

Iniulat ng yunit ng BHB na sa mga operasyong ito ng AFP, dinadahas at tinatakot ang mga minoritya at magsasakang lumalaban sa pagtatayo ng hydropower plant sa bayan ng Tinoc. Ipinailalim din sa operasyong Retooled Community Service Program ang apat na barangay sa bayan ng Hungduan at apat na iba pa sa Tinoc. Nagkakampo ang militar sa gitna ng mga sibilyang komunidad na nagdudulot ng pangamba sa mga residente.

Liban dito, sapilitang pinalalayas ng mga sundalo ng AFP ang mga tagabaryo upang malaya nilang okupahin ang mga bahay sa Barangay Namal simula Mayo 23. Umabot sa 122 pamilya o higit 500 katao ang lumikas at pinigilang makabalik sa kani-kanilang bahay.

Sa harap ng pinaigting na operasyon ng AFP, determinado ang mga Pulang mandirigma ng BHB-Ifugao na biguin ang nagpapatuloy na operasyong militar at kontra-insurhensyang kampanya ng rehimeng US-Duterte.

“Naghahabol ang rehimeng Duterte na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang kanyang termino ngayong Hunyo, ngunit kasaysayan na ang nagtatakda na hindi siya magtatagumpay. Hangga’t makatarungan ang mga mithiin ng demokratikong

rebolusyong bayan, ito ay magpapatuloy, susulong, at magtatagumpay,” saad ng BHB-Ifugao.

Bakit hindi terorista si Louie Jalandoni at ibang nasa listahan ng ATC?

Hunyo 16, 2022

Walang batayan ang resolusyong nagtukoy kay Louie Jalandoni at 10 pang indibiwal bilang mga terorista. Si Ka Louie ay kilalang negosyador ng National Democratic Front of the Philippines at itinuturing na “kapita-pitagang rebolusyonaryo at tagapagtaguyod ng pambansa-demokratikong kilusan.” Ang pagtaguri sa kanya at sa iba pa bilang terorista ay “napakalaking pagsalaula sa katotohanan,” ayon kay Marco Valbuena, chief information officer ng Communist Party of the Philippines.

Nilaman ng Resolution No. 31 ng Anti-Terrorism Council na ipinasa noong Mayo 25 pero isinapubliko lamang kahapon, Hunyo 15, na si Ka Louie at limang iba pa ay “itinatalagang terorista” dahil umano’y myembro sila sa “grupong terorista-komunista,” katawagang panira sa CPP-NPA-NDF. Lima rin ang iniugnay sa “lokal na grupong terorista” na Abu Sayyaf at Daulah Islamiyah.

Bukod kay Ka Louie, pinangalanan din ng ATC sina Simon Naogsan, tagapagsalita ng Cordillera People’s Democratic Front. Ang apat na iba pa ay mga indibidwal na kahit ang ATC ay hindi matukoy eksaktong mga pangalan. Sila si Afrecia/ Apricia Alvares/Alvares Rosete na diumano’y kalihim ng Western Mindanao Regional Party Committee ng CPP-NPA, Maria Luisa Purcray na kalihim diumano ng Ilocos-Cordillera Regional Committee, Maria Gigi Ascano-Tenebroso na myembro diumano ng Kaguma at upisyal sa pinansya ng Southern Mindanao Regional Committee at

Walter Alipio De Asis Cerbito na myembro diumano ng Christians for National Liberation.

Diumano, ibinatay ng ATC ang designasyon sa anim na “myembro” ng CPP-NPA-NDFP sa impormasyon mula sa National Intelligence Committee. Mayroon umang “probable cause” na ang mga indibidwal na ito ay lumabag sa mga probisyon ng “Anti-Terrorism Law” kaugnay sa pagsagawa, pagplano, paghanda para sa pagsagawa ng terorismo at pagrekrut at pagbibigay ng materyal na suporta sa mga teroristang organisasyon o grupo.

Sa papel, mangangahulugan ang designasyon na isasailalim sa imbestigasyon at freeze ang pondo at mga ari-ariang nakapangalan sa 11 indibidwal. Pero sa aktwal, gabay ang listahang ito para sa mga pwersa ng estado para iligal na mang-aresto, mangkulong, manggipit at pumatay.

Hindi terorista ang 11 indibidwal dahil lamang inilista sila ng ATC. Sa inilabas na resolusyon, ang designasyon ay batay lamang sa “rasonableng pagdududa” na “suportado ng mga sirkunstansya” na kapani-paniwala sa sinumang “sumusubaybay.” Ipinagpapalagay lamang nito na taglay ng naturang mga indibidwal ang mga “rekisito” ng designasyon.

Walang inilahad ang ATC na anumang ebidensya o sirkunstansya para patunayang mga terorista ang kanilang pinangalanan. Hindi rin korte o binasbasan ng anumang korte ang desisyon ng ATC. Sa ilalim ng ATL, ibinibigay sa ATC ang kapangyarihan na italaga ang sinumang na “terorista” na batayan para supilin o limitahan sa batayang mga karapatan ng sinumang indibidwal.

Ayon sa mga ekspertong ligal, hindi totoong paghahabol sa pondo o ari-arian ang pakay ng mga designasyon. Partikular kay Jalandoni na matagal nang naninirahan sa Europe, ang

desisyon ng ATC ay hindi maaaring ipatupad dahil hindi siya saklaw ng batas ng Pilipinas. Ang layunin lamang nito ay para siraan sina Ka Louie. Banta rin ito laban sa sinumang “pinagdududahan” ng ATL.

Pambansang welga sa Ecuador, nasa ika-3 araw na

Hunyo 16, 2022

Tatlong araw na ang Paro Nacional o pambansang welga ng mamamayang Ecuadorian laban sa neoliberal na mga patakarang ipinatutupad sa kanilang bansa. Sa pangunguna ng Confederación de Nacionalidades Indígenas (Conaie), isang pederasyon ng mga grupong katutubong Ecuadorian, libu-libo ang humugos sa iba’t ibang lansangan para pigilan ang pagdaan ng mga sasakyan at tao. Pinaralisa nila ang mahigit 20 mayor na mga daan.

Ayon kay Leonardo Iza, pinuno ng Conaie, hindi sila titigil hanggang hindi tugunan ng presidente ng Ecuador na si Guillermo Lasso ang kanilang mga kahilingan. Aniya, dapat ipakita ng estado na pumapanig ito sa mamamayan at hindi sunud-sunuran sa mga dikta ng International Monetary Fund.

Inihapag ng Conaie ang 10 hakbang para maibsan ang paghihirap ng mamamayang Ecuadorian. Kabilang dito ang pagpapababa at pagpako sa presyo ng langis at pagbibigay ng subsidyo sa pinakaapektadong mga sektor.

Nanawagan din sila para sa makatarungang presyo sa pagbili ng mga produkto ng magsasaka at mga prodyuser na maliitan at katamtamang-laki; trabaho at karapatan sa paggawa; at moratoryum sa ekspansyon ng pagmimina at iba pang aktibidad kaugnay sa pagmimina ng langis at iba pa.

Nagsimula ang Paro Nacional noong Hunyo 13. Noong Hunyo 14, biglang inaresto ng mga pulis si Iza sa suspetsa na may “gagawin” siyang krimen. Dahil dito, muling humugos ang mamamayan sa mga sentrong syudad at lansangan para igiit ang kagyat na pagpapalaya sa kanya. Napilitan ang estado na palayain siya matapos ang 24 oras.

Hanggang sa ngayon, patuloy ang paghugos ng mamamayan sa lansangan sa iba’t ibang dako ng Ecuador. Sa ilang lugar, sinalubong sila ng karahasan ng mga armadong pwersa ng estado.

Kasong “child abuse” laban sa mga kumupkop sa mga Lumad sa UCCP Haran, ibinasura

Hunyo 17, 2022

Tuluyan nang ibinasura ng isang korte sa Davao ang dalawang kasong pag-aabuso sa bata (child abuse) laban sa anim na administrador ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP) Haran Center sa Davao City. Isinampa ang gawa-gawang mga kaso noong Abril 2021 matapos ang pagkamatay ng dalawang batang Lumad sa naturang sangtwaryo.

Kinatigan ng korte ang petisyong demurrer of evidence o pagpawalangsaysay sa ebidensya na isinampa nina UCCP Bishop Hamuel Tequis, Rev. Daniel Palicte, Ephraim Malazarte, Linda Trenilla, Grace Avila at dating lider Lumad na si Jong Monson.

Ayon sa korte, bigo ang prosekusyon na ipakita na ang mga administrador ng Haran Center ay responsable sa mga kundisyong nagdulot ng pagkamatay ng dalawang batang Lumad. Isinaad pa ng korte na sa katunayan ay tumulong pa

ang UCCP Haran para bigyan ng gamot at kagyat na tulong ang mga bata.

Ayon sa desisyon ng korte, “ni katiting ay walang naipakita para patunayang ang mga akusado ay may masamang hanagarin sa pagtulong at pagkukop sa mga bata.”

Ang mga pamilyang Lumad na tinanggap at kinanlong sa UCCP Haran sa loob ng limang taon ay itinaboy ng walang-tigil na militarisasyon, pandarahas at pagwasak sa mga paaralang Lumad sa kanilang komunidad ng rehimeng Duterte. Noong nakaraang taon, nagdesisyon na ang mga Lumad na bumalik sa kanilang lupang ninuno at ipagpatuloy ang kanilang laban.

Bago pa ang panggigipit sa mga administrador ng UCCP Haran, tinangka nang buwagin ng lokal na guberno ng Davao ang sangktwaryo noong Enero 2020. Iniutos din nonog Marso 2021 ng Anti-Money Laundering Council na i-freeze ang mga akawnt sa bangko ng naturang simbahan.

Makailang-ulit din na ang institusyon ay nired-tag ng guberno at mga ahensya nito. Ang ilang mga administrador at lider ng UCCP Haran ay humarap din sa patung-patong na gawa-gawang mga kaso.

Dirty war, military corruption to worsen under new defense chief, says CPP

Hunyo 18, 2022

The Communist Party of the Philippines (CPP) today scoffed at Ferdinand Marcos Jr’s appointment yesterday of retired general Jose Faustino Jr as new secretary of the Department of National Defense (DND). The CPP said that the newly-installed secretary will only further cultivate military

corruption and bring his dirty war in Mindanao to the national scale.

Upon Faustino's assumption to the post, CPP Chief Information Officer Marco Valbuena said that the "Filipino people can anticipate the dirty war in Mindanao to be expanded and intensified across the country."

Valbuena called Faustino as "among the worst of the fascist generals" of the Armed Forces of the Philippines (AFP) responsible for the brutal campaign of aerial bombings, extrajudicial killings and gross abuses of human rights in Mindanao, since it was placed under martial law in 2017.

The CPP Information Bureau has documented not less than 223 cases of aerial bombing, strafing and shelling by the AFP since 2017, 128 or 60% of which were carried out in various parts of Mindanao not including the five-month long bombardment of Marawi City in 2017 that left it in ruins.

"Under US indoctrination and direction, and as Duterte stooge, General Faustino is responsible for the dirty war against the Lumad people and peasant masses of Mindanao," Valbuena emphasized.

Under Faustino's command, the AFP launched large campaigns of suppression and pacification against the masses, hamletting entire villages and placing them under military rule, red-tagging and dismantling people's organizations, and breaking up of their programs including the Lumad community schools.

Apart from commanding the brutal war, Faustino has benefited much from the hundreds of millions of pesos of corruption-ridden "Barangay Development Program" involving infrastructure building. Of the ₱1.6 billion NTF-Elcac BDP budget for 2021, more than ₱1.2 billion (or 75%)

went to five regions alone which were all under Faustino's command in 2021. (CPP Information Bureau)

Failure of war vs. NPA to continue under new defense chief—CPP

Hunyo 18, 2022

The Communist Party of the Philippines (CPP) today remarked that the appointment of a new defense secretary will not change its losing posture and failing war against the New People's Army (NPA). The comment came after Ferdinand Marcos Jr announced yesterday his appointment of retired general Jose Faustino Jr as new secretary of the Department of National Defense (DND).

“General Faustino, like General Lorenzana and all his predecessors in the DND, will wage a losing and failing war against the NPA,” CPP Chief Information Officer Marco Valbuena pointed out.

Valbuena further said that his long stint in Mindanao from December 2018 to February 2021 as 10th ID Commander and later Eastern Mindanao Commander, then as head of the so-called Joint Task Force Mindanao, General Faustino failed to end the revolutionary forces in the island. “What more, that as he will have to contend with guerilla forces of the NPA deeply rooted and spread nationwide?”

“As a military commander, General Faustino was merciless in directing his armed troops to attack civilians and trample on their rights,” Valbuena said. “Like a true coward, he trained the guns and cannons of the military against the peasant and Lumad communities of Mindanao.”

Valbuena called Faustino as “among the worst of the fascist generals” of the Armed Forces of the Philippines (AFP) responsible for the brutal campaign of aerial bombings, extrajudicial killings and gross abuses of human rights in Mindanao, since it was placed under martial law in 2017.

The CPP Information Bureau has documented not less than 223 cases of aerial bombing, strafing and shelling by the AFP since 2017, 128 or 60% of which were carried out in various parts of Mindanao not including the five-month long bombardment of Marawi City in 2017 that left it in ruins.

According to Valbuena, behind the AFP’s fake numbers of “surrenders,” battlefield “victories” and “dismantled guerrilla fronts” being reported daily is the people’s seething outrage against endless military suppression and occupation of their communities.

Valbuena is confident that the NPA will “steadily expand and gain the broad support of the masses as they continue to defend the people with arms.” He added that no amount of US-supplied bombs, howitzers and bullets will stop the growth of the NPA.

“Despite all difficulties, the broad masses of peasants and minority people continue to build their organizations to fight the AFP and aggressors who are grabbing their land. Under the illegitimate Marcos II regime, people in great numbers are bound to wage resistance and join the people’s war,” he ended. (CPP Information Bureau)

Katutubong Dulangan, pinatay ng mga sundalo sa Sultan Kudarat

Hunyo 18, 2022

Isang kagawad ng barangay ang pinaslang ng nag-ooperasyong yunit ng 7th IB sa isang gubat sa Sultan Kudarat noong Hunyo 6. Ang biktima ng pamamaslang ay kinilalang si Calisa Langgaw, 57, may asawa at isang Dulangan na residente ng Sityo Matingaw, Brgy. Tacuhin, Palimbang.

Pinaslang si Langgaw habang nangangaso sa burol ng Oh Luzon, sakop ng Sityo Matingaw. Para pagtakpan ang krimen naglagay ang mga sundalo ng M16 sa biktima para palabasin na myembro siya ng Bagong Hukbong Bayan. Ang totoo, isang baril na de holen lamang ang kanyang dala.

Tagapagtanggol ng kalikasan, inaresto sa Laguna

Hunyo 18, 2022

Arbitraryong inaresto noong Hunyo 11 si Daisy Macapanpan, 68, sa Pakil, Laguna ng pinagsamang pwersa ng Philippine National Police (PNP) at Special Action Force (SAF). Makikita sa isang bidyo sa Facebook ang ginawang pagdakip kay Macapanpan matapos magbigay ng pahayag sa isang kilos-protestang dinaluhan niya kontra sa pagtatayo ng Ahunan Pumped-Storage Hydropower Project.

Isang kilalang environmental defender o tagapagtanggol ng kalikasan si Macapanpan, ayon sa Kalikasan PNE at Defend Southern Tagalog (ST). Hinimok ng mga grupong ito si Pakil Mayor Vicente Soriano na kundenahin ang pag-aresto, magutos ng pagsisiyasat sa insidente, at bawiin ang pag-aresto, sa dahilang may hurisdiksyon ang mayor sa pulis. Anila, kwestyunable ang ginamit na mandamyento de aresto, na base sa isang kaso ng rebelyon na isinampa noong pang 2008.

“Walang masamang magpahiwatig ng di pagsang-ayon at magpaliwanag ng upinyon kung bakit kailangang itigil ang Ahunan Hydropowerplant Project,” ayon kay Leon Dulce, pambansang koordineytor ng Kalikasan PNE. Layunin ng naturang mga talakayan na itaas ang kamalayan at diskurso tungkol sa proyekto. “Ang ginawang pagdakip ay malinaw na isang paghihiganti laban kay Macapanpan para sa paninindigan nito laban sa isang potensyal na mapanirang proyektong dam,” aniya.

Ang 1,400-megawatt pump-storage hydropowerplant ay tinatayang sasakop sa 299.4 ektaryang lupa sa mga barangay ng Baño, Burgos, Rizal at Taft sa Pakil. Ang planta ay itatayo sa Sierra Madre, isang lugar na may aktibong mga fault line at may panganib ng pagguho ng lupa. Dahil dito, nagpetisyon ang mga taga-Pakil laban sa pagtatayo ng naturang planta.

Ang pag-aresto kay Macapanpan ay bahagi ng crackdown laban sa mga tagapagtanggol ng kalikasan, ayon sa mga grupong environmentalist. Sa nakalipas na mga taon, ang mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao ay nag-ulat na marami sa kanila ang mayroong mga warrant of arrest kaugnay ng mga kaso matagal nang naganap o mula sa malalayong lugar na wala silang alam o kinalaman.

Hanggang sa mga huling araw, walang humpay ang rehimeng Duterte sa paniniil sa bayan. Nais nitong busalan at patahimikin ang paglaban ng mamamayan na tutol sa mga patakaran at proyektong ipinatutupad ng rehimen. Laganap pa rin ang ilegal na pang-aaresto, pamamaslang, tortyur, at iba pang porma ng paglabag sa karapatang-tao.

Sara Duterte, a wannabee dictator in waiting—CPP

Hunyo 19, 2022

The Communist Party of the Philippines (CPP) today said Sara Duterte “is a wannabee dictator in waiting” as she is set to take her oath today as vice-president of the reactionary government. Duterte run in tandem with Ferdinand Marcos Jr and won an impossible landslide victory in the May 9 rigged elections.

“Sara Duterte is a wannabe dictator in waiting,” said CPP Chief Information Officer Marco Valbuena. He described Duterte as a “product of her father’s tyranny and corruption.”

Valbuena said the younger Duterte, who inherited the post of mayor of Davao City, “imitates her father’s demagoguery and dictator-style leadership.”

“She is not known to be particularly brilliant, neither is she sympathetic to the conditions of workers, peasants and Lumad minority people of Mindanao,” Valbuena said.

Sara Duterte is known for her iron-fist policy against workers organizing unions or waging strikes to demand wage increases. As Davao City mayor, she collaborated with the military and police in the relentless campaign of suppression against peasants and Lumads on the pretext of “localized peace.”

According to Valbuena, she is Rodrigo Duterte’s “insurance” to ensure that Marcos Jr will prevent the International Criminal Court to pursue its investigation and prosecution of crimes against humanity filed against the older Duterte over his sham war on drugs and counterinsurgency campaigns.

Valbuena also noted that although Sara Duterte allowed herself to run as Marcos Jr’s vice president, he considers her a threat to his power. “He appointed her as education secretary, when she made it categorically clear that she

wanted to be defense secretary in order to control the military. Marcos Jr wants her far away from the center of power,” he added.

“Not soon later, cracks within the shallow alliance of the Marcoses and Duterte will surface and turn into a visible power-struggle,” Valbuena ended. (CPP Information Bureau)

Anti-neoliberal na presidente, nahalal sa Colombia

Hunyo 20, 2022

Sa kauna-unahang pagkakataon, nahalal sa Colombia ang isang presidente na tinaguriang maka-Kaliwa dulot ng kanyang progresibong paninindigan laban sa neoliberalismo at para sa kalikasan, kababaihan at LGBT. Nanalo sa eleksyon noong Hunyo 19 si Gustavo Petro, kasama ng kanyang bise-presidente na si Francia Marquez, laban sa karibal na pulitikong bilyunaryo. Si Petro ang pinakahuli sa mga nahalal na anti-imperyalistang presidente sa Chile, Peru, Nicaragua, Bolivia, Venezuela at Cuba.

Matagal na nagsilbing meyor ng Bogota, pambansang kabisera ng bansa, si Petro. Kilala siya bilang dating myembro ng M-19, isang armadong grupong gerilya na lumaban sa gubyerno sa dekada 1980. Nabuwag ang grupo noong dekada 1990 matapos makipagkasundo sa gubyerno.

Tatlong beses nang tumakbo sa pagkapresidente si Petro. Bago nitong eleksyon, tumakbo siya noong 2018 pero natalo ni Ivan Duque. Lumakas ang kanyang tsansang manalo matapos sumiklab ang malawakang kilusang anti-Duque sa gitna ng pandemya. Mula Abril 29 hanggang kalagitnaan ng Mayo noong 2021, inilunsad ng mga unyon at organisasyong Colombian ang malawakang Paro Nacional (pambansang welga) laban korapsyon at kapalpakan ng estado na tugunan

ang pandemya. Nilabanan din nila ang mga patakarang neoliberal ni Duque, laluna ang plano nitong magpataw ng bagong mga buwis. Iniatras ni Duque ang bagong buwis noong Mayo 2, 2021 pero nagpatuloy ang mga protesta dulot ng brutalidad ng pulis sa pagbuwag sa mga pagkilos.

Gumamit ang gubyernong Duque ng mga tangke at helikopter para supilin ang mga protestang nilahukan ng daanlibong mamamayan. Di bababa sa 47 ang napatay dulot ng pamamaril ng mga pulis sa mga raliyista. Sa dulo ng Paro Nacional, nakapagtala ang mga organisasyong pangkarapatang-tao ng 2,000 kaso ng brutalidad ng pulis, kabilang ang 27 kaso ng sekswal na pang-aabuso. Nasa 200 katao ang naiulat na nawawala.

Liban sa pagiging anti-neoliberal, kritikal si Petro sa pakikitungo ng Colombia sa US sa mga usapin ng kalakalan, paglaban sa iligal na droga at Venezuela. Mula't sapul, pangunahing alyado ng US sa Latin America ang Colombia. Hangang kay Petro, hindi ito kailanman napamunuan ng mga progresibo o anti-imperyalista, di katulad ng maraming bansa sa Latin America. Kilala rin si Petro na mapagkaibigan sa Cuba.

Si Marquez, isang Afro-Colombian, ay kilala bilang aktibistang maka-kalikasan at kampion ng mga isyu ng kababaihan.

Sapilitang paglilipat sa tagapagtatag ng WikiLeaks tungo sa US, inaprubahan ng UK

Hunyo 20, 2022

Pinirmahan na ng gubyerno ng United Kingdom noong Hunyo 17 ang utos para sa extradition o sapilitang paglilipat sa US kay Julian Assange, isang mamamahayag at kilalang

tagatapatag ng Wikileaks. Ito ang resulta ng ilang taon nang pambabraso ng US para isuko ng UK si Assange para ikulong sa US. Bago nito, tumanggi ang isang korte sa UK na aprubahan ang hiling para sa extradition na anito'y masama sa kalusugang mental ng nasasakdal.

Nahaharap si Assange sa 18 kasong kriminal sa US, kabilang ang isang kaso ng pang-eespiya. Kung mahahatulan, maaari siyang ikulong nang hanggang 175 taon.

Ang mga kaso ay bunsod sa pagsisiwalat ng Wikileaks, isang website, ng mahigit 400,000 maseselang dokumento ng militar ng US noong 2010.

Kinundena ng maraming mamamahayag at mga grupo sa karapatang-tao ang desisyon ng UK. Anila, ang pagsisiwalat ni Assange sa mga dokumento ay bahagi ng kanyang trabaho bilang mamamahayag. Anila, protektado si Assange sa kalayaan sa malayang pamamahayag laluna sa pagsisiwalat sa mga krimen ng US sa Iraq at Afghanistan. Sa gayon, pampulitikang panunupil ang pagkakaso sa kanya.

Kabilang sa mga tumututol ang Amnesty International na nagsabing ang desisyon na i-extradite si Assange ay maglalagay sa kanya sa peligro at nagbibigay ng nakababahalang senyales sa mga mamamahayag sa buong mundo. Anito, kung matutuloy ang paglilipat sa kanya sa US, maaari siyang matagalang ibartolina (solitary confinement), na labag sa mga tuntunin laban sa tortyur o di makataong pagtrato sa mga bilanggo.

Nakakulong si Assange sa kulungan ng mga kriminal sa UK mula pa 2019 nang walang nakasampung kaso, matapos siyang pwersahang kunin mula sa loob ng embahada ng Ecuador sa UK kung saan pitong taon siyang kinupkop. Inaresto siya diumano dahil tinakbuhan niya ang isang

hiwalay na kaso (jump bail). Subalit mahigit dalawang taon na siyang nasa kulungan kahit ang sentensya niya ay 50 linggong lamang na pagkakakulong.

Ang mga dokumentong isinawalat ni Assange, at iba pang sikretong mga impormasyon at dokumento, ay matatagpuan sa wikileaks.org.

Sapilitang pagrerekrut ng kabataan sa militar, kinundena ng mga komunista sa India

Hunyo 20, 2022

Mahigpit na kinundena ng Communist Party of India (CPI)-Maoist ang pakana ng reaksyunaryong estado sa India ng sapilitang pagrerekrut sa kabataan. Tinawag na Agnipath, layunin nitong palakasin ang pasistang makinarya ng estado laban sa mamamayan. Kinundena rin nito ang mararahas na pambubuwag ng pulis sa mga protesta laban sa pakana na kumalat na sa 14 rehiyon. (Karamihan sa protesta ay nakatuon sa pagiging temporaryo ng trabaho at kawalan ng benepisyo at pensyon.)

Ayon mismo sa estado, layunin ng Agnipath na magrekrut ng mga kabataan bilang mga kontraktwal na sundalo na magseserbisyo sa loob ng apat na taon. Matapos nito, 25% lamang sa kanila ang magiging regular. Dikta ang pakanang ito ng World Bank at International Monetary Fund na may layuning ibaba ang gastos ng guberno.

Sa pahayag na inilabas noong Hunyo 19, sinabi ni Kasamang Abhay, tagapagsalita ng Komite Sentral ng Partido, na lalong palalalain ng pakanang Agnipath ang pagiging pasista ng militar at buburahin at imimilitarisa nito ang buhay-sibilyan. “Sa nakaraang walong taon sa ilalim ng paghahari ng Brahmanic, Hindutva at pasistang BJP sa pangunguna ni PM

Narendra Modi, lahat ng mga sektor ng lipunan ay ginawang pasista.” (Ang BJP o Bharatiya Janata Party ang kasalukuyang naghaharing partidong pulitikal sa India.)

Ani Abhay, isang pakanang pasista ang Agnipath na ipinatutupad sa tabing ng paglikha ng mga trabaho. “Ang mga patakarang anti-mamamayan at maka-imperyalista ang nagbunsod ng kawalang trabaho sa mundo at sa bansa,” aniya. Dinaranas ng India ngayon ang isa sa pinakamatinding krisis sa kawalang trabaho.

“Walang permanenteng mga trabaho (sa Agnipath). Sa gayon, walang iba ang pakana kundi pamumwera sa kabataan.” Sa ulat ng Partido, nagsimula na ang sapolitang rekrutment ng kabataang katutubo sa Chhattisgarh.

Bahagi ng pagsasanay ng mga bagong rekrut ang indoktrinasyon nila sa teorya at ideolohiyang BJP na nagtutulak sa pagtatayo ng isang estadong Hindu. Magiging bahagi sila ng hukbo na magtatransporma sa bansa tungo sa “isang bansa,” taliwas sa matagal nang pagkilala sa pederal na katangian ng India, at pag-iral ng mga awtonomiyang rehiyon at ng mga pambansang minority tulad ng mga Muslim at Adivasi.

Ayon sa CPI-Maoist, kailangang itakwil ng mamamayan ang pasistang pakanang Agnipath, palawakin ang paglaban dito at igiit sa estado na iatras ito. Panawagan ni Ka Abhay sa kabataan na huwag silang sumapi sa Agnipath dahil kontra ito sa interes ng mamamayan.

Mga botante ng Makabayan, tinatarget ng PNP

Hunyo 21, 2022

Isinawalat noong Hunyo 20 ni Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Women’s Party (GWP), ang kautusan ng Philippine

National Police sa Navotas City na isailalim sa pag-uulat at imbestigasyon ang mga komunidad kung saan nakakuha ng mataas na bilang ng boto ng progresibong blokeng Makabayan.

Ang naturang kautusan ay nakapaloob sa isang sulat ng isang upisyal paniktik ng pulis ng Navotas. Ayon sa sulat na ito, may atas ang “nakatataas na hedkwarters” na ilista ang mga organisasyong sektoral sa mga komunidad, kasama ang mga lider at myembro nito. Partikular na tinukoy nito ang Kabataan Partylist, Anakpawis Partylist, Bayan Muna, ACT Teachers Party at GWP.

Ayon kay Rep. Brosas, desperadong tangka ang hakbang para ibayong supilin ang paglaban laluna sa harap ng nagtataasang presyo at napipintong krisis sa pagkain.

“Pag-aaksaya ng buwis ng taumbayan ang community profiling na ito, na tanging layunin ay maghasik ng takot at terorismo sa mga komunidad sa panahong matindi ang pagkalam ng sikhura ng mamamayan,” aniya.

Patuloy pa rin ang paglaganap ng mga poster at materyal na nagrered-tag sa nabanggit na mga partido, kahit tapos na ang eleksyon.

“Tiyak na may kinalaman ang NTF-Elcac sa mga ito, na walang tigil sa pang-aatake sa amin kahit naproklama na kami bilang panalong partido,” aniya. “Makikita rito na ipagpapatuloy ng rehimeng Marcos Jr ang mga pasistang hakbang na ginamit ni Duterte para maghasik ng teror sa mamamayan.”

3 taktikal na opensiba, inilunsad ng BHB-Sultan Kudarat sa loob ng 5 araw

Hunyo 22, 2022

Magkakasunod na armadong aksyon ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Sultan Kudarat laban sa nag-ooperasyong mga yunit ng Philippine Army sa bayan ng Palimbang noong Hunyo 15-20. Ayon sa ulat ng BHB sa lugar, pumapasok pa lamang ang mga sundalo para mag-operasyon nang atakehin sila ng mga Pulang mandirigma.

Naganap ang unang opensiba sa Sityo Fliko, Barangay Balwan noong Hunyo 15 ng hapon laban sa pwersa ng 7th IB. Sinundan ito ng isa pang armadong aksyon ng mga Pulang mandirigma noong Hunyo 18 laban sa 37th IB sa Barangay Molon. Dalawang araw matapos nito, umatake muli ang BHB laban sa 38th IB sa parehong barangay. Hindi bababa sa limang sundalo ang namatay. Tinitiyak pa kung ilan ang nasugatan.

Ayon sa paunang ulat ng yunit ng BHB, ang mga sundalo ay bahagi ng halos isanlibong tropang nag-ooperasyon sa lugar. Kabilang sa mga nag-ooperasyon yunit ang 38th IB, ang batalyong nangangasiwa sa mga CAFGU at direktang nageserbisyo sa DM Consunji Inc at naggugwardya sa mga operasyon pagtotroso at iba pa.

Iniulat din ng yunit ng BHB ang dagdag na aabot sa 30 kaswalti (hindi pa kumpirmado kung ilan ang napaslang) sa hanay ng mga sundalo sa mis-engkwentro sa pagitan ng kanilang mga yunit. Kinukumpirma pa ng BHB ang paunang ulat kaugnay ng posibleng paghulog ng bomba ng AFP sa sarili nilang pwersa. Hindi na bago ang ganitong mga insidente ng mis-engkwetro sa hanay ng mga tropa ng sundalo, ayon pa sa BHB-Sultan Kudarat. Dahil sa laki ng

pwersang ginagamit at ipinapakat nito, hindi malayong sila-sila mismo ang nagkakabarihan.

Alyansa laban sa mga imperyalistang gera, nanawagan ng mga pagkilos laban sa NATO

Hunyo 23, 2022

Sa isang porum noong Hunyo 22 sa Paris, France, nanawagan ang International Coordinating Network ng Resist US-led War Movement para sa paglulunsad ng mga protesta laban sa gaganaping pagtitipon ng mga bansa sa ilalim ng North Atlantic Treaty Organization sa Madrid, Spain sa darating na Hunyo 28 hanggang 30.

“Nananawagan kami para sa paglalansag sa NATO para idemilitarisa ang Europe at para ipaglaban ang makatarungang hustisya,” anito.

Sa pahayag na inilabas ng grupo noong araw ding iyon, sinabi nitong ang mga base at pasilidad militar na inilatag ng mga myembrong bansa ng NATO, mula United Kingdom tungong Saudi Arabia, at maging sa Pilipinas, ay yumuyurak sa mga pambansang soberanya at nagdudulot ng pinsala sa kapiligiran at ng kaguluhang panlipunan.

Sinusuhayan at sinusupportahan ng NATO ang nga pasistang rehimen sa iba’t ibang bansa, habang dindestabilisa ang mga soberanong bansa. Anito, maging ang tumatagal nang armadong tunggalian ngayon sa pagitan ng Ukraine at Russia ay maiuugat sa pagkakatatag ng NATO, at sa patakaran ng alyansa para palibutan at gipitin ang Russia.

Para suportahan ang militarismo, inoobliga ng NATO ang mga myembro na maglaan ng papalaking badyet para sa gastos militar nang hanggang 2% ng kani-kanilang gross

domestic product. “(Dahil dito), ang mga kinakailangang serbisyong panlipunan para sa masang manggagawa ay palagiang kulang sa pondo at ang mga badyet para sa kalusugan kahit sa gitna ng pandemya ay binabawasan.”

“Itinatakwil ng mamamayan ang NATO bilang instrumento ng gerang pinasisiklab ng US,” ayon sa grupo. Nanawagan ito ng mga pagkilos sa lansangan sa Madrid at saanman sa mundo sa mga araw na magtitipon ang mga lider ng alyansa sa Spain. “Nangangako kaming itayo ang isang kilusang lalaban para sa makatarungan at matagalang kapayapaan para wakasan ang lahat ng gerang agresyon, ipagtanggol ang karapatan sa pagsasarili at palayain ang lahat ng mamamayan!”

Pagharang sa mga rebolusyonaryo at progresibong website, malawakang kinundena

Hunyo 24, 2022

Kabi-kabila ang pagkundena ang sumalubong sa kautusang pag-“block” o pagbabawal ng mga kumpanyang telekomunikasyon sa 28 website kabilang ang website ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng National Democratic Front of the Philippines, pati na ng mga alternatibong midya at mga internasyunal na organisasyon.

Ang kautusan ay ginawa ng National Telecommunications Commission noong Hunyo 8 alinsunod sa sulat ng hepe ng National Security Council na si Gen. Hermogenes Esperon na nagbansag sa mga website na “terrorista.” Iginiit ni Esperon na ang naturang pag-block ay nakaayon sa walang-batayang designasyon ng Anti-Terror Council sa Partido Komunista ng Pilipinas bilang isang teroristang organisasyon at mga binansagan nitong “tagasuporta” o “may kaugnayan” sa Partido.

Tinawag ng PKP na “lantarang pagsesensor” ang hakbang, na anito’y nakatuon sa “pagsupil sa karapatan ng mamamayan na malayang magpahayag ng kritisismo laban sa naghaharing pangkatin at sistema, at para magpalaganap ng progresibo, anti-imperyalista at rebolusyonaryong mga ideya.” Nakikita ito ng PKP bilang paunang hakbang ng papasok ng rehimeng Marcos II para sa isang pangkalahatang crackdown sa midya sa tabing ng “kontra-terorismo.”

“Walang kinalaman sa terorismo ang MAD (Marcos Anti-Democracy) Firewall,” anito. “Wala (itong) iba kundi lantarang pagsesensor.” Ipinakikkita lamang nito kung paano ginagamit ng estado ang “kontra-terorismo” bilang arbitraryong kategorya para supilin ang lahat ng tipo ng oposisyon at paglaban ng mamamayan.

“Nangyari na ang kinatatakutan naming mangyari,” pahayag ng National Union of Journalist in the Philippines kaugnay sa pinakahulingn atake sa mga alternatibong website. “Ang banta na gagamitin ang anti-terror law bilang instrumento para supilin ang lahat ng tipo ng kritisismo ang nagtulak sa NUJP na magsampa ng petisyon sa Korte Suprema (laban dito).”

“Hindi terorismo ang pamamahayag. Ang pagsisiwalat ng katotohan ay hindi dapat bansagang terorismo,” ayon sa Bulatlat, isa sa mga website na nasa listahan. “ Ang pagbibigay ng espasyo sa mga kritiko sa pulitika, kabilang ang mga komunista, ay bahagi ng trabaho. Sa pagbansag ni Hermogenes Esperon Jr dito bilang “teroristang panunulsol” ay bahagi ng pagpapatindi ng panunupil sa midya.”

“Anong kahibangan ito?” bwelta ng Pinoyweekly, isa pa sa mga website na nasa listahan. “Kahit ang pagtunggali sa pangkahulugan ng gubyrno sa “terorista” ay terorismo na...

Kasalungat ito sa esensya ng demokrasya at eksaktong depinisyon ng tiraniya.”

“Hindi ang di makatarungang binansagang mga “terorista” dahil sa kanilang pagsisiwalat ng katotohanan ang pinakamalaking banta sa demokrasya sa ngayon kundi ang mga ahente ng estado tulad ni Esperon at ng National Security Council na nagkalakat ng disimpormasyon para bigyan-katwiran ang panunupil sa pulitika,” ayon sa Altermidya.

Liban sa Bulatlat at Pinoyweekly, nasa listahan ni Esperon ang isa pang website na alternatibong midya, anim na website ng mga lokal na aktibistang grupo, tatlo ng progresibong mamahayag at akademiko, dalawa ng internasyunal na organisasyon, dalawa ng internasyunal na mamamahayag, isang news blog at isang blog ng mga aktibistang Indian. Kasama sa listahan ang mga website ng Monthly Review at Counterpunch, dalawang website ng mga progresibo na nakabase sa US, pati na ang International Action Center na ipinundar ni Ramsey Clark, kilalang progresibong Amerikano at dating Attorney General sa US.

Nagpahayag rin ng matinding pagtutol sa hakbang ang Pamalakaya, International League of People’s Struggles at iba pang nasa listahan.

Ayon kay Ret. Justice Antonio Carpio, hindi maaring i-block ng NTC ang mga website ng mga organisasyong walang designasyon bilang “terorista.”

“Maaari nilang hamunin ang kawastuan ng kautusan dahil wala naman sila sa listahan bilang mga teroristang organisasyon,” ayon sa husgado.

Kahit ang website ng CPP ay hindi maaaring i-block kahit itinuturing itong “terorista” ng ATC. “(A)ng tanging resulta

(consequence) sa pagiging designated bilang teroristang organisasyon ay ang pag-freeze ng Anti-Money Laundering Council sa (kanilang) mga bank account,” aniya.

Ito rin ang ligal na upinyon ni Ted Te, dating tagapagsalita ng Korte Suprema at abugado sa Free Legal Assistance Group. Hindi konstitusyunal ang kautusan, aniya, dahil ito ay “prior restraint” sa mga mamamahayag o nagbabawal sa nilalaman bago ito mailathala.

Pagrepaso sa programang K to 12, muling ipinanawagan ng mga guro

Hunyo 24, 2022

Muling nanawagan ang mga guro ng Alliance of Concerned Teachers noong Hunyo 21 na repasuhin ang Enhanced Basic Education Act (K to 12 Law), ang batas na nagpalawig sa edukasyong elementarya at hayskul mula 10 taon tungong 12 taon. Kaugnay ito sa palipad-hanging deklarasyon ni Ferdinand Marcos Jr noong Hunyo 20 na animo’y sumusuporta sa pagbabasura ng naturang programa.

“Nagdulot ang programang K to 12 ng di mabilang na problema sa kasalatan ng pasilidad, kagamitang panturo at walang sapat na suportang sahod at benepisyo para sa mga guro at ibang manggagawa sa edukasyon, palagiang kakulangan sa pondo para sa mga rekisito ng batayang edukasyon, sobrang pagpapatrabaho sa mga guro at pagbaba ng kalidad ng edukasyong tinatamasa ng mga estudyante,” paalala ni ACT Rep. France Castro.

Hindi pinaunlad ng programang K to 12 ang kurikulum ng batayang edukasyon, aniya. “Dinagdagan lamang nito ng dalawang taon ang hayskul, at pinakasiksik pa nga ang mga aralin kung kaya maraming mga estudyante ang napag-

iwanan.” Sa nakaraang mga taon, tinanggal sa elementarya ang asignatura na Philippine History, at lenggwahe at literaturang Filipino sa kolehiyo bilang resulta ng implementasyon ng programa.

Pero babala ni Rep. Castro, ang pagrepaso o pagbasura ng K to 12 ay dapat magresulta sa paglalatatag ng edukasyong nasyunalista, syentipiko at maka-masa, at hindi para bigyan daan ang sapilitang pagsasanay militar na isinusulong ni Sara Duterte. “Siguradong hindi (ito) makatutulong sa pag-unlad at pagresolba sa krisis sa edukasyon na nararanasan natin ngayon.”

Binweltahan naman ng grupong Tanggol Wika ang pahaging ni Marcos Jr na gagawing solong lengwahe ng pagtuturo ang Ingles. “Walang silbi ang anumang pagbabago sa kurikulum at walang magbabago kung ipatutupad ng gubyerno ang di lohikal na paggamit sa Ingles bilang solong lengwahe ng pagtuturo para sa Syensya, Matematika at ibang kaugnay na larangan sa batayang edukasyon,” ayon sa grupo.

Tinukoy ng Tanggol Wika ang mababang grado ng Pilipinas sa isang internasyunal na grupong nagtatasa sa kakayahan ng mga estudyante. Noong 2018, pinakamababa ang ranggo ng Pilipinas sa tinasang mga bansa sa pagbabasa, matematika at syensya. Ang dahilan, ayon sa ulat, ay ang mababang paggasta kada estudyante... at dahil iba ang ginagamit na lengwahe ng 94% ng mga 15-taong gulang na mga estudyante sa kanilang mga tahanan, at hindi ang wikang Ingles na siyang lengwahe sa mga pagsusulit.

Sistema ng tren sa Britain, pinalalisa ng welga

Hunyo 24, 2022

Sa ikalawang pagkakataon sa loob ng isang linggo, naparalisa ng welga ng mga manggagawa noong Hunyo 23 ang sistema ng tren sa Britain. Kasunod ito ng naunang 24-oras na welgang inilunsad noong Lunes.

Ikinasa ang welga ng National Union of Rail, Maritime and Transport Workers na saklaw ang 14 network ng riles. Nilahukan ito ng 40,000 manggagawa at sinasabing pinakamalaki sa nakaraang tatlong dekada. Sa loob ng dalawang araw na welga, isa sa bawat limang tren lamang ang bumiyahe sa sakop na riles ng unyon.

Pangunahing iginigiit ng mga manggagawa na dagdagan ang kanilang sahod dahil anila, malayong hindi na ito nakasapat sa gitna ng nagtataasang presyo ng mga bilingin at serbisyo. Iginigiit din nila ang makataong kundisyon sa paggawa at katiyakan sa trabaho.

Ayon sa mga opisyal ng unyon, nakapako ang mga sahod ng marami sa mga manggagawa sa transportasyon sa nakaraang 2-3 taon. Ito ay habang walang awat ang pagtaas ng gastos sa pamumuhay sa bansa. Dinaranas ngayon ng Britain ang 9.1% na tantos sa implasyon — pinakamataas sa nakaraang 40 taon.

Bumagsak ang negosasyon sa pagitan ng unyon at estado noong Lunes matapos mag-alok ang gubyerno ng Britain ng kakarampot na 3% na dagdag-sahod. Nagbanta rin itong ipawalambisa ang pagbabawal ng pag-employo ng temporaryong mga manggagawa para ipalit sa nakawelgang mga unyonista. Nakatak dang magsisante ang Network Rail ng 2,500 manggagawa sa susunod na dalawang taon para “makatipid.”

Kung walang mapagkasunduan, nakatak dang maglunsad ng isa pang 24-oras na welga ang mga manggagawa sa Sabado.

Sa darating na linggo, nakatakdang bumoto ang ibang asosasyon ng mga manggagawa sa riles para maglunsad ng welga.

Sa kalakhan, nagsisimpatya at suportado ng publiko sa Britain ang welga, ayon sa unyon. Batid ng publiko ang kahirapan ng mga manggagawa dahil pare-pareho silang nahaharap sa krisis sa gastusin para mabuhay.

Sa tingin ng mga welgista, lalakas pa ang panawagan para sa makatarungang dagdag-sahod sa iba't ibang sektor sa UK.

“Panahon na para magkaroon ng pagtaas sa sahod sa Britian,” anila. “Tatlumpu’t taon nang bumabagsak ang sahod habang abot-langit ang kita ng mga kumpanya.”

A week before Duterte term ends, NPA mounts offensives in Sultan Kudarat

Hunyo 25, 2022

The Communist Party of the Philippines (CPP) today lauded the New People’s Army (NPA) for its actions defending the Lumad and Moro communities against the landgrabbers, and the fascist onslaught and combat operations of units of the Armed Forces of the Philippines (AFP) in Palimbang town, Sultan Kudarat province.

The local NPA unit mounted three consecutive armed offensives from June 15 to 20 against marauding units of the AFP in barangays Balwan and Molon.

“The latest series of armed actions mounted by the NPA in Sultan Kudarat speaks volumes against the US-Duterte regime’s target of “defeating”—later downgraded to “weakening—the people’s army,” said CPP Chief Information Officer Marco Valbuena.

The NPA first attacked an operating unit of the 7th IB in Sitio Kilbog, Balwan last June 15, neutralizing two soldiers. Three days later, an NPA unit attacked the 37th IB in Barangay Molon, followed later with another harassment operation against the 38th IB in the same area. Seven soldiers were killed in both armed actions.

The 38th IB serves as private guards of the D.M. Consunji Inc. which is notorious for large-scale logging in areas of local Lumad and peasants communities. The NPA unit in Sultan Kudarat has launched several actions since May against the DMCI.

“The people’s army is determined to defend the masses of peasants and minority peoples against the aggression of mining and logging operations in Sultan Kudarat, which are being ushered in and defended by units of the AFP,” Valbuena said.

“The NPA’s tactical offensives in Sultan Kudarat are testament to the gross failure of Duterte’s counterinsurgency war,” said Valbuena.

Meanwhile, the NPA-Sultan Kudarat belied military claims that a Red fighter of the NPA was killed in the series of armed offensives and that one “surrendered” to the military.

The local unit further reported that the AFP dropped bombs and shelled several times the area where the NPA attacked. It also used its attack helicopters to strafe the vicinity.

Last June 18, a misencounter between the AFP’s own forces erupted which reportedly resulting in 30 casualties which local residents saw being brought out by the AFP from the area.

With the upcoming inauguration of the illegitimate Marcos II regime, Valbuena pointed out: “The incoming regime will surely be met with greater armed resistance by the Filipino people and their army, the NPA, as the reactionary state continues to intensify the suppression and pacification of the people in order to pave the way for expanding mining, logging and plunderous activities.” (CPP Information Bureau)

Isang Madugong Linggo ng Hunyo sa Daet

Hunyo 25, 2022

Mahigit apat na dekada na ang nakaraan, ngunit tuwing buwan ng Hunyo hindi mawawaglit sa alaala ng mamamayan ng Daet, Camarines Norte, at ng buong Bicolandia, ang binansagang “Bloody Sunday” o “Madugong Linggo” na naganap noong panahon ng diktadurang rehimeng US-Marcos I.

Kabalintunaan na nangyari ang “Bloody Sunday” ilang buwan lamang pagkatapos tinapos sa pangalan ng rehimeng US-Marcos I ang Batas Militar sa buong bansa noong Enero 1981 sa pamamagitan ng Proclamation No. 2045. Napilitang batakin ng diktador Marcos ang Batas Militar dahil sa matinding presyur ng internasyunal na midya, dayuhang mga bangko at institusyong pampinansya at ng mga tagapagtanggol ng karapatang tao.

Bunsod ng pakitang-taong mga pagluwag sa batas ng kamay na bakal, naging masigasig ang mamamayan, laluna ang mga inaapi at pinagsasamantalahang magsasaka. Katuwang ang mga demokratikong sektor at pwersang anti-diktadura, sumali sila sa inorganisang mga rali-demonstrasyon ng Kilusang Mamamayan para sa Tunay na Demokrasya

(KMTD) sa Daet, ang kabisera ng prubinsya ng Camarines Norte.

Kaya noong linggong ng Hunyo 14, 1981, nagmartsa ang daan-daang magsasaka mula sa bayan ng Basud upang ipaabot sa rehimeng Marcos I na dapat itaas ang presyo ng kopra habang binabatikos nila ang panloloko ng Coco Levy Fund at ang “pekeng eleksyon”. Layon ng mga magbubukid na sumanib sa mas malaking grupo ng mamamayang magrarali sa harapan ng kapitolyong pamprubinsya.

Ngunit bago pa man sila makarating sa Freedom Park sa Daet ay hinarang na sila. Napilitan silang tumigil sa pagmamartsa dahil may isang trak ng bumbero na nakaharang sa daan. Maya-maya pa ay dumating ang isang trak ng militar. Nang bumaba sa kanilang sasakyan ang 30 sundalo ng 242nd Company ng Philippine Constabulary (PC), kaagad pinagsabihan ang mga magsasaka na lumuhod sila sa lupa.

Pinamunuan ni Capt. Joseph Malilay ang pulutong ng mga mersenaryong PC at si Lt. Col. Nicasio Custodio ang nakatataas nilang upisyal.

Hindi sinunod ng mga magsasaka ang utos ng mga pasistang PC. Imbes na lumuhod ay nakiusap sila, kasama ang organisador ng KMTD, na patuluyin sila sa rali sa Daet. Pagkatapos ng pagpalitan ng mainit na mga salita, umalingawngaw ang awtomatikong putok ng mga riple. Walang awang niratrat ng uhaw sa dugong mga elemento ng PC ang walang kalaban-labang mga magsasaka.

Nang mapawi ang usok, apat ang nakabulagta at mahigit 50 iba pang magsasaka ang sugatan. Natigil lamang ang pamamaril ng mga pasista nang makiusap sa kanila si Grace

Vinzons-Magana, coordinator ng KMTD. Dinala ang mga sugatan, pati ang mga patay, sa isang ospital.

Nakilala at nakaukit sa marmol na pader ng Bantayog ng mga Bayani ang mga pangalan ng mga biktima na sina Jose E. Alcantara, Elmer L. Lagarteja, Rogelio S. Guevara at Benjamin B. Suyat. Ang dalawang malalang nasugatan at napatay pagkaraan ng dalawang buwan ay sina Rosita Arcega, 30, at Ernesto Encinas, 25.

At kagaya sa palaging naratibo ng militar at pulis pagkatapos ng pangyayari at pinagpipilitan nilang paniwalain ang publiko na umano'y naengkwentro ng mga PC ang mga "communist terrorist groups (CTGs)" o mga kasapi ng New People's Army. Anila, nagpapatok sila ng "warning shot" sa ere upang pakalmahin ang mga tao pero ang mga "armadong myembro" ng mga nagmamartsa ay nagpapatok ng kanilang mga baril at pinuntirya sila. Wala umano silang magawa kundi na nagpapatok para ipagtanggol ang kanilang sarili.

Kinontra ang bulaang pahayag na ito ni Atty. J. Antonio Carpio (ngayon ay retiradong Supreme Court Associate Justice at noon ay tagapangulo ng KMTD), at ni Grace Vinzons-Magana. Pinatotohanan naman ito ng fact-finding team na pinamunuan nina dating sanador Jose W. Diokno at batikang mamamahayag na si Joaquino "Chino" Roces. Anila ang mga tinamaan ay karamihan nasa unahan ng martsa, at imposibleng ang mga nagpapatok ay magmumula sa likuran nila. Wala ring maipakitang nakumpiskang mga armas ang PC.

At biglang tumambad ang tunay na katangiang mabangis at mapanupil ng nagpupusturang mabait na rehimen ay biglang lumabas ang. Hindi na ito nakangiti kundi isang mabagsik na tigre. Inaresto sina Carpio at Vinzons-Magana noong maagang bahagi ng Hulyo bago pa man masimulan

ang pormal na imbestigasyon sa “Bloody Sunday”. Sa umpisa, hindi sinampahan ng kaso ang dalawa nang idinetine sila. Kalaunan kinasuhan sila ng paglabag sa isang presidential commitment order (PCO) na pinirmahan mismo ni Ferdinand Marcos Sr noong Hunyo 26 (mahigit isang linggo pagkatapos ang madugong insidente).

Kinasuhan sina Carpio at Vinzons-Magana dahil nilabag umano nila ang Anti-Subversion Law (Presidential Decree No. 885) at PD No. 33 kaugnay sa paggawa ng mga polyetong pampropaganda laban sa diktadurang rehimen. Ngunit umani ng malawakang pagkundera ang pagkaaresto at pagkakulong sa kanila. Bunsod nito ay napilitang palayain ng diktadurang Marcos I ang dalawa.

At ano ang nangyari kina Colonel Custodio, Captain Malilay at iba pang mga sundalo ng PC?

Upang pakalmahin ang mga kritiko ng diktadurang rehimeng Marcos I, nagsagawa ng imbestigasyon ang Human Rights Committee sa ilalim ng Ministry of National Defense. Pinamunuan ito ni Col. Jose M. Crisol. At ano ang husga nito? Pinawalang-sala ang itinuturong mga berdugo ng Daet Massacre!

Dahil sa pagkukunsinti ng rehimeng US-Marcos sa mga mersenaryo at mamatay-taong mga pasista, nangyari na naman ang isang masaker sa Camarines Norte noong Hunyo 24, 1982. Dinakip ng 45th IB ng Philippine Army ang limang magsasaka at pinagtrabaho sa detatsment nila sa Barangay Mabilo, bayan ng Labo. Nang matapos na sila sa kanilang trabaho sa detatsment ng militar, imbes na pasasalamatan ay pinagbabaril at pinatay ang lima. Minasaker sila ng militar bilang ganti sa pagkamatay umano ng isang sundalo sa isang pananambang ng New People’s Army sa panahong iyon.#

Muling pag-aresto kay Doc Naty, ipinag-utos ng lokal na korte

Hunyo 25, 2022

Binaligtad ng isang lokal na korte ang nauna desisyon ng korte na nagbabasura sa mga kasong kidnapping at illegal detention laban kay Dra. Natividad Castro, aktibistang duktor na kilala bilang Doc Naty. Dahil dito, muli siyang ipinaaaresto.

Inianunsyo ng Department of Justice (DOJ) noong Hunyo 22 na nakumbinsi nito at ng prosekusyon ang Bayugan City Regional Trial Court (RTC) Branch 7 na katigan ang kanilang motion for reconsideration kaugnay sa pag-aresto kay Doc Naty.

Sa atas noong Hunyo 16 ni Judge Ferdinand Villanueva ng RTC Branch 7, ipinawalambisa at ipinaisantabi niya ang resolusyon noong Marso 2022 na nagpalaya kay Doc Naty.

Nilaman ng resolusyon ng korte noong Marso 2022 ang atas ni Judge Fernando Fudalan Jr, naunang huwes sa kaso, ang desisyong ibasura ang mga kaso ng kidnapping at illegal detention laban kay Doc Naty. Ayon sa naturang desisyon, walang batayan at sapat na ebidensya para ikulong si Castro. Ayon sa huwes, ipinagkait ng mga elemento ng estado ang karapatan ng doktor sa makatwirang proseso (right to due process).

Inaresto si Doc Naty noong Pebrero 18 sa bahay ng kanyang pamilya sa San Juan City. Si Doc Naty ay isang community doctor at tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa Caraga.

Madalas nang ginagamit ng estado ang mga kaso tulad ng kidnapping at serious illegal detention laban sa pinararatangan sa mga kasapi ng mga organisasyong

progresibo at makabayan at nagtatanggol sa mga karapatang demokratiko.

Kinatigan ng korte ang prosekusyon ng DOJ matapos sabihin nitong pinangalanan ng sinasabing biktima si Doc Naty sa kanyang sinumpaang salaysay (affidavit) noong 2019. Pinalalabas ng prosekusyon na hindi maaaring magkamali ang biktima sa sinabi niyang kasama umano si Doc Naty sa mga dumukot sa kanya.

Noon pa mang Pebrero, kinundena ng mga grupo sa karapatang-tao ang panggigipit at ilegal na pag-aresto kay Doc Naty. Sinubaybayan din nila at masugid na ipinanawagan ang pagbabasura sa mga gawa-gawang kasong isinampa laban sa kanya.

Pag-upo ni Marcos Jr bilang kalihim sa agrikultura, insulto sa magsasaka

Hunyo 25, 2022

Gutom ang aabutin ng masang Pilipino sa pag-upo ni Ferdinand Marcos Jr bilang kalihim ng Department of Agriculture, ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa kanilang pahayag noong Hunyo 20.

“Itinatakwil namin si Ferdinand Bongbong Marcos Jr bilang kalihim ng agrikultura,” ayon sa grupo. Tanong ng mga magsasaka, bakit siya pa ang temporaryong uupo sa ahensya para harapin ang nagtatagal na krisis sa agrikultura. “Wala na ba talagang iba?”

Nakikita ng grupo ang hakbang bilang palatandaan ng pagiging hayok ni Marcos Jr sa kapangyarihan. Ang ahensya ay lagakan ng mga dayuhang utang at puhunan ng World Bank at ibang institusyong pinansyal, anila. Hawak din nito

ang mga kontrata sa importasyon at ismagling ng mga produktong agrikultural na nagkakahalaga ng bilyun-bilyon. “May pera sa ahensya, hindi nga lang para sa magsasaka.”

Anu’t anuman, walang kakayahan si Marcos Jr para harapin ang napipintong krisis sa pagkain, ayon sa grupo. Ni wala siyang rekord ng pagpasa ng batas na may pakinabang sa sektor ng agrikultura noong mambabatas pa siya. Ang tanging nasasambit niya ay ang kunwa’y mga tagumpay ng kanyang ama sa agrikultura. “Walang ginintuang panahon sa agrikultura sa ilalim ni Marcos Sr — golden kuhol lang ang meron!” pagkutya ng mga magsasaka.

“Malaking insulto sa mga magsasaka na mismong si Marcos Jr. ang DA sec,” ayon naman sa grupo ng mga magsasakang kababaihan na Amihan. “Papatayin talaga sa gutom ang mga magsasakang Pilipino.”

Anang grupo, hangga’t liberalisado ang agrikultura at nakaasa ang bansa sa importasyon, hindi magkakaroon ng seguridad sa pagkain ang bansa. Hindi si Marcos ang sagot sa mga problemang ito kundi ang pagbabasura sa lahat ng programa at batas kagaya ng Rice Liberalization Law.

“Hindi dapat kalimutan ng mamamayang Pilipino ang Masagana 99 sa ilalim ni Marcos Sr na naging napakalaking kapalpakan at nagbangkarote sa mga magsasaka at nagpalayas sa kanila sa kanilang mga lupa,” ayon sa grupo.

Samantala, tinawag ng KMP na isang “malupit na pangyayari sa kasaysaysan” na ang nabawi nang pondong coco levy funds na dinabong ni Marcos Sr at mga kroni ng kanilang pamilya ay muli na namang mapasasakamay sa isang Marcos.

Noong Hunyo 2, imbes na ipaubaya sa mga organisasyong magniniyog at benepisyaryo, iniutos ni Rodrigo Duterte ang

pagtatatag ng Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) para makopo ng estado ang naturang pondo. Nang iupo ni Marcos Jr ang sarili bilang pansamantalang kalihim ng DA, nagkaroon siya sa akses sa pondo.

Umaabot sa ₱75 bilyon ang pondong coco levy habang ang mga ari-arian at mga kumpanyang binili gamit nito ay nagkakahalaga na ng ₱111.3 bilyon. Ang buong halaga na ito (₱186 bilyon) ay muli nang makokontrol ng pamilyang Marcos.

Pagpapatuloy ng imbestigasyon ng ICC, napapanahon at kinakailangan

Hunyo 25, 2022

Ikinalugod ng grupong Rise Up ang desisyon ng international Criminal Court na ipagpapatuloy ang pormal na imbestigasyon sa mga krimen laban sa sangkatuhan ni Rodrigo Duterte at mga kasapakat kaugnay sa madugong “gera kontra-droga” ng kanyang rehimen. Tinapos nito ang pansamantalang pagpapaliban na noo’y hiningi ng gobyerno ng Pilipinas.

Ayon sa ICC, nakita nitong hindi seryoso ang gobyerno ni Duterte na tugunan ang panawagan para sa hustisya ng mga biktima ng huwad na gera. Isinuspinde ng ICC ang imbestigasyon nito noong Nobyembre 2021. “Matapos ang maingat at masusing pagrepaso sa lahat ng mga impormasyon na isinumite ng Pilipinas, gayundin ng mga impormasyong pampubliko...nakita kong hindi nararapat ang pagpapaliban na hinihingi ng Pilipinas, at na dapat magpapatuloy ang imbestigasyon sa pinakamaagang panahon,” ayon kay Karim Khan, ang proseklyutor sa kaso.

“Nababagay” ang pagpapatuloy sa imbestigasyon bilang “huling regalo” sa papatapos na termino ni Duterte bilang presidente, ayon sa pahayag ng Rise Up ngayong araw, Hunyo 25. Isinapubliko ng ICC ang desisyon kahapon.

“Tulad ng ibang mga kaso sa ICC, naisasapanganib ng sobrang nagtatagal na mga imbestigasyon ang pagkamit ng hustisya at pananagutan para sa pinakakahindik-hindik na mga krimen,” ayon sa mga abugado ng grupo. “Isa itong malaking usapin lalupa’t sumasang-ayon at nangako pa ang administrasyong Marcos-Duterte na ipagpatulloy ang mga patakaran ni Duterte sa droga.”

“Nasisiyahan” ang mga biktima at kanilang mga abugado sa sistematiko at metikulosong pagsusuri ng ICC sa mga dokumentong isinumite ng guberno ng Pilipinas sa korte. Sang-ayon sila sa kongklusyon ng prosekyutor ng korte na “walang indikasyon na inimbestigahan ng guberno ng Pilipinas ang anumang padron ng kriminalidad o sistema nito, kabilang yaong malamang na pinakaresponsible sa pagbubuo o pagpapatupad ng isang patakaran.”

Ang Rise Up ay binubuo ng mga pamilya ng mga biktima na nagsampa ng kaso sa ICC. Kinakatawan sila nina Atty. Neri Colmenares at Atty. Maria Kristina Conti, mga abugado mula sa National Union of Philippine Lawyers.

Tulad ng Rise Up, ikinalugod din ng mga organisasyon sa karapatang-tao ang muling pagbubukas ng ICC sa imbestigasyon.

Pagtugis ng militar sa mga lider-masa sa Aklan, kinundena

Hunyo 26, 2022

Kinundena ng mga demokratikong organisasyon ang panunugis ng militar sa mga lider ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) sa prubinsya ng Aklan noong Hunyo 22. Pinaghahahanap ng mga elemento ng 301st IBde sa Barangay Poblacion, Kalibo sina Sin F. Tugna, tagapagsalita ng Bayan-Aklan at George T. Calaor, tagapangulo nito.

“Kung mapapahamak sina Calaor at Tugna, walang ibang responsable rito kundi ang 301st Brigade ng Philippine Army, lokal na pulis, at ang gubyernong Duterte,” pahayag ng pambansang tanggapan ng grupong Bayan.

Paahayag ng grupo, dapat kagyat na iatras ng militar ang mga tropa nilang nanggigipit sa mga myembro ng mga organisasyong masa at mga residente ng nabanggit na barangay. “Dapat itigil ng mga awtoridad ang pangrered-tag kina Calaor, Tugna at iba pang aktibista sa Aklan,” giit nito.

Ayon sa ulat ng mga residente, nag-iikot umano ang mga sundalo sa komunidad at ipinakikita ang larawan ng dalawa at inuusisa kung kakilala nila ang mga ito. Kinumpirma rin nila na ang mga sundalo ay umupa ng mga boarding house sa C. Laserna Street, Poblacion para sa kanilang “special operations.”

Ayon sa Bayan-Aklan, katulad ng operasyong ito ang isinagawa sa Tapaz, Capiz at Calinog, Iloilo na humantong sa masaker at ilegal na pag-aresto sa mga Tumandok noong Disyembre 2021.

Inaakusahan ng militar si Tugna at Calaor na mga kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ng rebolusyonaryong kilusan dahil sa kanilang aktibong paglalantad sa mga krimen at paglabag sa karapatang-tao ng 3rd ID sa prubinsya.

Gayundin, kabilang ang Bayan-Aklan sa mga naninindigan laban sa Boracay Island Development Authority (BIDA) bill na magpalalayas sa mga katutubong Aeta, mga residente at lokal na mga negosyante sa saklaw na lugar ng panukala. Sa ilalim ng naturang panukala, magiging eksklusibo para sa malalaking kapitalista at big-time na sugarol ang isla ng Boracay.

Kaugnay ng serye ng insidente, naglabas ng bukas na liham si Calaor para sa mga kapwa niya Aklanon. Ipinabatid niya dito na nangamngamba siya sa ginagawa ng militar dahil maaaring gamitin itong pangangatwiran para saktan sila o di kaya ay patayin.

“Lumalapit kami sa mga kapwa naming Aklanon, Pilipino... na tulungan kami at suportahan laban sa masasamang aktibidad na ito ng estado na naglalagay sa aming kalayaan, seguridad at buhay sa kapahamakan.”

Sa huli, nanawagan si Calaor ng interbensyon at imbestigasyon sa lokal na gubyerno gayundin sa Commission on Human Rights para mapangalagaan ang kanilang kalayaang sibil at demokratikong mga karapatan.

Ang mga Bulaklak ng Inang Bayan

Hunyo 27, 2022

Hindi malilimutan ng mga taga-Bulacan ang isang malagim na insidente noong gabi ng Hunyo 21, 1982, 40 taon na ang nakalipas. Dinukot ng mga tropa ng 175th Company ng Philippine Constabulary (PC) ang limang kabataang myembro ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL) na nagpupulong sa isang barangay sa Pulilan at dinala sa Barangay Pulo sa bayan ng San Rafael.

Kinabukasan, nagimbal na lamang ang mga residente ng poblacion ng San Rafael nang makita nila sa gilid ng gusali ng munisipyo ang limang duguang bangkay ng mga kabataan. Tadtad ng bala ang kanilang mga katawan. Napansin din ng mga residente na may tama ng bala sa likod ng mga ulo ng mga biktima.

Ayon sa pulis, lampas hatinggabi nang dumating sa munisipyo ng bayan ang mga berdugong PC na pinamunuan ni Maj. Bartolome Baluyot, punong paniktik ng Bulacan noon, at Capt. Danilo Mangila. Sa kwento ng mga PC, naengkwentro at napatay daw nila ang “bandidong grupo” ng Bagong Hukbong Bayan.

Di pagrespeto sa mga bangkay

“Hayun! Patay lahat ang mga bandido!” buong yabang na nagbabala sa publiko ang notoryus na mga tropa ng PC.

“Huwag n’yo silang tularan!” babala ng mga elemento ng PC sa mga residente ng San Rafael. Pinabayabaaan nila na langawin at putaktehin ng uod ang mga bangkay ng mga aktbista.

Hindi nagpasindak ang mamamayan. Sa halip na matakot sa brutalidad ng mga pasista, nagtulung-tulong sila para bigyan ng disenteng libing ang mga biktima. Nag-ambag ng pondo pati ang alkalde ng bayan at mga empleyado ng munisipyo para ibili ang lima ng damit pamburool at mga kabaong. Bago magtakipsilim, inilibing ng mga sundalo ang limang biktima sa mababaw na mga hukay sa San Rafael Public Cemetery.

Mga bulaklak ng Inang bayan

Hindi masasamang tao ang limang biktima, sabi ng kanilang mga pamilya, kaibigan at kakilala. Sa katunayan sila ay mga organisador na kaanib ng Alyansa ng mga Magbubukid sa

Gitnang Luzon (AMGL). Bilang parangal, kolektibong tinatawag silang mga “Martir ng Bulacan” at mga “Bulaklak ng Inang Bayan” dahil isinakripisyo nila ang kanilang panahon, kaginhawaan at kanilang mga buhay alang-alang sa kagalingan at mga karapatan ng mga magsasaka sa Central Luzon.

Isa sa kanila si Teresita Llorente, ang nag-iisang babae sa limang aktibistang pinaslang. Siya ay tubong Meycauayan City sa Bulacan. Tumutulong siya sa kanyang mga magulang sa maliit nilang restawran bago maging aktibista. Kasapi siya ng pangkat ng mga kantora ng lokal na parokya at kasapi ng Pamparokyang Kilusang Kabataang Kristiyano (PKKK). Tin-edyer pa lamang ay namulat na siya sa mga problema ng kanilang komunidad at ng bayan sa kabuuan. Naging masigasig siya makaraang sumama sa mga nagpoprotestang mga manggagawa ng isang pabrika ng tela.

Kababayan din ni Llorente si Danilo Aguirre, na kagaya niya, ay kasapi rin ng PKKK. Kung hindi abala sa simbahan, tumulong siya sa pamilya bilang isang manininda sa pamilihan ng Meycauayan. Kahit hayskul lamang ang kanyang tinapos, tumutulong din siya sa idinadaos na mga talakayang pang-edukasyon para malaman ng mamamayan ang kanilang mga karapatan at kung papaano silang sinusupil ng diktadurang Marcos. Noong kunwa’y binaklas ang martial law, aktibo siyang sumali sa mga rali at nagboluntaryo bilang isang watcher para sa eleksyon noong 1981.

Taga-syudad ng Malolos naman si Edwin Borlongan na isa sa mga katekista ng Pamparokyang Samahan ng mga Katekista (PASKA). Nakatapos siya ng kursong automative servicing sa Samson Technical School sa Maynila at naging isang drayber at mekaniko sa Tondo. Nakatapos siya ng elementarya at hayskul bilang isang working student. Noong 1978, namulat

siya sa mga problema ng bayan nang sumali siya sa noise barrage sa buong Metro Manila upang ipahayag ang pagtutol sa pekeng eleksyon ng Interim Batasang Pambansa. Naging aktibo siya mula noon sa mga kampanya laluna sa pakikibaka ng mga estudyante para sa kanilang mga karapatan at kagalingan.

Gradweyt ng hayskul ang taga-Hagonoy ang mangingisdang si Constantino Medina. Bunga ng hilig sa pagbabasa, napagaralan niya ang mga batayang problema ng bayan. Naging instrumento ang sinalihan niyang progresibong grupo ng mga artista, ang Galian sa Arte at Tula (GAT), na nagdadala ng mga tao mula sa kanilang komunidad para manood ng mga dulang itinatanghal ng Philippine Educational Theatre Association (PETA). Liban sa kanyang ambisyong maging makata, ninais din niyang maging mahusay na abugado.

Magtatapos na sa kursong mechanical engineering mula sa FEATI University sa Maynila si Renato Manimbo nang siya ay mamulat. Masigasig siyang kasapi ng konseho ng estudyante ng FEATI noong katapusan ng dekada 1970 at dalawang beses na naging presidente nito. Noong panahon na iyon, mainit na isyu ang mga karapatan ng mga mag-aaral at ang matataas na bayaran sa matrikula. Bilang lider estudyante, nagsasalita siya sa mga rali at isa sa mga tagapagtatag na kasapi ng League of Filipino Students. Isa siya sa nagdala ng mga banner na nagbabatikos sa mapaniil na paghahari ng rehimeng Marcos nang bumisita si Pope John Paul II sa bansa noong Pebrero 17, 1981.

Bago pa man dumalaw ang Santo Papa sa Pilipinas, pakitang-tao nang binaklas ni Marcos Sr ang Batas Militar sa buong bansa noong Enero 1981. Nagbigay daan ito para magpalawak ang AMGL ng kanilang kasapian sa lalawigan ng Bulacan. Iba't iba man ang uring pinagmulan ng limang kabataang nabanggit, pinagbuklod sila ng pagmamahal sa

bayan at hustisya sosyal. Naging magkaibigan sila. Sumapi sila sa AMGL nang manawagan ito na dapat labanan ang pang-aapi at pagsasamantala ng mga panginoong maylupa sa abang mga magsasaka. Panawagan noon ang pagsusulong sa tunay na reporma sa lupa, laluna sa Bulacan na matindi ang problemang agraryo.

Araw ng kabayanihan

Sa araw na dinukot ang lima ng mga pasista, nagdaraos sila noon ng pulong para magtasa sa kanilang gawain at magplano ng mga aktibidad hanggang 1982.

Habang nagpupulong, nagsalit-salitan sila sa pagsilip sa mga bintana ng bahay dahil nagkakahulanan ang mga aso. Wala silang ginawang hakbang dahil wala namang kaduda-duda sa paligid. Nagpatuloy sila sa kanilang pulong. Ngunit hindi nagtagal nang pwersahang binuksan ang bintana ng mga putok ng awtomatikong riple. Kasabay nito nakarinig sila ng malakas na utos:

“Walang kikilos!”

“Dapa!!! Dapa!!!”

Pinaligiran ang bahay ng humigit-kumulang 40 sundalo ng 175th PC Company. Dinakip nila ang mga kabataan ngunit may nakalusot na isa sa kanila. Lumabas siya sa bintana, umakyat sa bubong at doon nagtago hanggang makaalis ang mga armadong kaaway lulan ng sasakyang militar. Ikinwento niya ang buong pangyayari sa mga pamilya ng limang biktima. Hindi armado ang grupo ng mga organisador. Pero ayon sa ulat ng PC, nakuha umano nila sa “grupong NPA” ang dalawang karbin, isang pistola, apat na mga granada, ilang mga bala at mga subersibong dokumento. Sa loob ng dalawang araw, ibinandera ang bulaang naratibong ito ng 175th PC Company ng mga

pahayagang kontrolado ng mga Marcos, Romualdez at kroni nitong si Gen. Hanz Menzi.

Pinabulaan ito ng kalahok sa pulong na nag-iisang nakaligtas sa reyd.#

Ang Masaker sa Guinayangan, Quezon

Hunyo 28, 2022

Bago pa man mangyari ang mga masaker sa Daet, Camarines Norte at sa San Rafael, Bulacan, ginimbal na ang bansa at ang mundo ng madugong mga insidente ng maramihang pagpatay at pagkasugat ng mga inosenteng sibilyan kagaya sa prubinsya ng Quezon. Ano “mga kasalanan” nila? Nais lamang nilang iparating sa rehimeng US-Marcos I ang kanilang mga lehitimong hinaing at solusyon sa kaaba-aba nilang kalagayang sosyo-ekonomiko.

Nangyari ang mga masaker at iba pang pang-aabusong militar sa panahong “inatras” na ng pasistang diktadurang Marcos ang Batas Militar noong 1981. Ayon pa sa diktador na si Ferdinand Marcos Sr, nasawata o kundi ma’y kontrolado na ang “sabwatan ng mga maka-Kanan at maka-Kaliwa” na ibagsak ang kanyang pamahalaan, kaya balik na sa “normal na pamumuhay” ang mamamayan.

Ngunit pampabango lamang ang idineklarang pagbatak sa Batas Militar at ang pagbalik sa “normal na pamumuhay”. Dahil noon lamang 1981, may naitalang mga masaker kabilang ang sa Sag-od, Las Navas, Northern Samar; sa Culasi, Antique; sa Tedula, Misamis Occidental; at sa Guinayangan, Quezon.

Sa kabila ng pagbabatikos ng mga nagtataguyod sa karapatang-tao tulad ng Amnesty International at mga demokratikong personahe at sektor sa loob at labas ng

bansa, walang awat pa rin ang mga pang-aabuso ng Philippine Constabulary (PC), Philippine Army, Civilian Home Defense Force (CHDF), at iba pang mga armadong grupo na inaarmasan o kinukunsinte ng pasistang estado. Noong matapos ang 1982, 14 ang naitalang mga masaker kung saan 174 ang napatay at mahigit isang libo ang mga sugatan.

Pinalala ng mga pang-aabusong militar na ito ang abang kalagayan ng mayoryang mamamayan, laluna ng mga magniniyog. Nakakita ng pagkakataon ang mamamayan at kanilang tagasuporta na mag-organisa ng kilos protesta noong paparating sa bansa si Pope John Paul II. Sinimulan nila ang pagtatambol ng kanilang mga reklamo at hinihinging mga solusyon sa pambabarat ng presyo ng kopra at ang mga iskandalo kaugnay sa Cocofed at Coco Levy Fund (buwis na kinukuha ng gubyrno sa bawat kilo ng koprang ibinibenta at napupunta lamang sa mga kroni na tulad nina Danding Cojuangco, Maria Cristina Lobregat at Juan Ponce-Enrile).

Kaya noong Pebrero 1, 1981 humugos sa mga kalsadang patungo sa Guinayangan ang aabot sa 6,000 magsasaka at mga tagasuporta nila. Nanggaling sila sa limang bayan ng Bondoc Peninsula sa lalawigan ng Quezon, na ang karamihang ikinabubuhay ay nakasasalay sa niyog.

Bagsak sa pandaigdigang pamilihan ang presyo ng langis mula sa niyog at dagdag dito, sobrang binabarat naman ng mga komersyante ang presyo ng kopra. Umaabot lamang sa ₱1.00 at minsan ay animnapung sentimo (₱0.60) ang kilo ng kopra. At kung dadalhin pa ito sa pamilihan sa bayan, kukutongan pa ang mga magniniyog at mga komersyante ng mga abusadong militar at paramilitar na CHDF.

Mula sa iba't ibang direksyon, binagtas ng mga inaapi at pinagsasamantalahan ang daan tungo sa sentrong bayan ng Guinayangan. Plano nilang ihayag sa kilos protesta ang kanilang mga reklamo at kahilingan upang itambol ito sa midya na nakaantabay sa pagdalaw ng Santo Papa sa bansa.

Pero bago pa sila makarating sa plasa ng bayan, walang habas na silang niratrat ng mga tropang PC. Dalawang nagmamartsa ang kaagad na namatay. Naiulat na 100 ang nasugatan, subalit maaring umabot ito sa 1,000.

Mahigit apat na dekada na ang nakaraan ngunit walang nanagot na upisyal o naparusahan sa mga berdugong sundalo ng PC. Walang ginawang pormal na imbestigasyon ang diktadurang Marcos sa malagim na pangyayari.

Sabi nga ng mga nakaligtas sa masaker: “(L)aging payo sa atin ng mga kaibigan at kapamilya ay magpatawad. Maaaring may punto sila... Ngunit sa isang banda, mayroon tayong hindi dapat ikubli at yun ay ang makalimot. Laluna kung wala naman tayong natatamong katarungan na dahilan na rin ng kawalan ng kapayapaan. Bunsod nito, mas dapat ang pagpapatuloy ng ating paggiit ng ating mga karapatan.”
#

BHB-Northern Negros, pinabulaanan ang engkwentro sa Calatrava

Hunyo 28, 2022

Pinabulaanan ng Roselyn Jean Pelle Command ng Northern Negros Guerilla Front ng Bagong Hukbong Bayan (RJPC-BHB) ang pahayag ng 303rd Infantry Brigade (IBde) na nagkaroon ng armadong engkwentro sa pagitan ng 79th IB-Philippine Army (PA) at RJPC-BHB noong Hunyo 22, 2022 noong alas-6 ng umaga sa Purok Puting Bato, Sityo

Tinibiangan, Barangay Minapasuk, Calatrava, Negros Occidental.

Walang katiting na katotohanan ang pahayag sa radyo ni Brig. Gen. Inocencio Pasaporte, commanding officer ng 303rd Ibde. Ayon sa bulaang pahayag ng heneral, nagkalabanan ang 79th IB-PA at ang yunit ng BHB sa nasabing erya. Ayon sa militar, tumagal ng 15 minuto ang pagpapalitan ng putok hanggang sa umatras daw ang yunit ng BHB sa mabundok na bahagi ng Barangay Minapasak.

Ayon sa Deputy Spokesperson ng RJPC-BHB na si Karljoe Hidalgo, walang kumikilos na yunit ng RJPC-BHB sa lugar at panahong sinasabi ni Pasaporte. Kinontra rin ni Hidalgo ang deklarasyon ng opisyal ng militar na matagal nang nabuwag ang larangang gerilya sa Northern Negros.

Sa kabila ng pagyayabang ni Pasaporte, tuluy-tuloy naman ang matagal at magastos na mga operasyong militar sa erya ng Calatrava mula pa noong Mayo. Reaksyon ito sa sunud-sunod na mga taktikal na opensiba ng BHB laban sa mga pwersa ng reaksyunaryong gubyerno.

Malinaw na pinepresyur lamang sina Pasaporte, Lt. Col. J-jay Javinez ng 79th IB ng kanilang mataas na opisyal na maglubid ng mga kwento at mga pekeng deklarasyong naubos o nabubuwag na ang mga eryang kinikilusan ng BHB. Ito ay pagtabon sa kabiguan ni Duterte na ubusin ang armadong rebolusyonaryong kilusan bago magtapos ang kanyang termino.#

Pagsikil sa karapatan sa aborsyon sa US, sinalubong ng malawak na protesta

Hunyo 28, 2022

Sumiklab ang mga protesta sa mayor ng mga syudad sa US mula Hunyo 20 matapos baligtarin ng Korte Suprema ng US ang batas na nagtitiyak sa karapatan ng kababaihan na magkaroon ng opsyon sa aborsyon. Liban sa malalaking rali sa labas ng Korte Suprema sa Washington DC, nagkaroon ng mga pagkilos sa New York City, Los Angeles, Chicago, Austin, Houston, Nashville, Kansas City, Topeka, Tallahassee, Miami, Oklahoma, Boise, New Orleans at Detroit. Sa labas ng US, nagrali rin ang kababaihan sa Australia, Germany at United Kingdom.

Mariin nilang kinundena ang desisyon ng Korte Suprema na nagkakait sa kanila ng kanilang karapatan sa aborsyon na itinuturing na napaka-importanteng serbisyong pangkalusugan. Iginigiit nila ang prinsipyong “our bodies, our choice” (katawan namin, desisyon namin) at “we won’t go back” (hindi kami babalik) na pumapatungkol sa 50 taong tuluy-tuloy na pakikibaka ng kababaihan para rito.

Desisyong paatras

Sa botong 6-3, pinagtibay ng Korte Suprema ang isang batas sa Mississippi (isang estado sa US) na nagbabawal sa lahat ng klase ng aborsyon kung lampas na sa 15 linggong pagbubuntis ang isang babae. Tinawag na Gestational Age Act, ang batas na ito ay hinamon ng Jackson Women’s Health Center, ang kaisa-isang abortion clinic sa naturang estado, noong 2018. Nitong Hunyo, pinagtibay ng Korte Suprema ang naturang batas na kinikilala ngayong desisyong *Dobbs v Jackson*.

Hindi pa nasiyahan, sinundan ang desisyon sa pagbabaligtad sa makasaysayang desisyong *Roe versus (laban) Wade* (sa botong 5-4) at *Planned Parenthood vs Casey* sa dahilang walang sinasabi ang konstitusyon kaugnay sa aborsyon at sa

gayon ay hindi ito karapatang ginagarantiyahan ng konstitusyon.

Bilang pampalubag-loob, sinabi ng husgadong si Samuel Alito, isa sa mga bumoto laban sa Roe versus Wade, na ibinabalik ng Korte Suprema sa mga lokal na upisyal ang awtoridad para itakda at “pamahalaanan” ang karapatan sa aborsyon.

Dulot nito, magiging iligal ang aborsyon sa halos kalahati ng mga estado sa US na walang ipinasang lokal na batas kaugnay dito. Sa 13 estado, magiging awtomatiko ang pagkriminalisa rito.

Ayon sa mga husgadong tumutol sa desisyon ng mayorya, ang pagbasura sa Roe v Wade ay katumbas ng pamumwersa ng estado sa pagbubuntis ng mga babae, kahit sa kapinsalaan ng kanilang katauhan at kalusugan. Tinanggal nito ang karapatan ng mga babae na magdesisyon para sa sariling kapakanan at para sa kanyang katawan. Isinapeligro nito ang iba pang pundamental na karapatang hindi direktang nakasulat sa konstitusyon, pero ginagarantiyahan at saklaw ng mga batayang karapatan tulad ng karapatan sa kontrasepsyon, kasal at pagtatalik sa pagitan ng parehong kasarian (same-sex) at iba pa.

Ano ang Roe v Wade?

Ang Roe v Wade ay isang makasaysayang desisyon ng Korte Suprema sa US na inilabas noong 1973 na naging salalayan ng karapatan sa aborsyon sa bansa. Ibinunsod ito ng kaso ni Norma McCorvey, na itinago sa pangalang Jane Roe, laban sa noo’y abugado ng estado na si Henry Wade. Kinasuhan noon ng mga abugado ni Roe ang estado ng Texas at iginiit na labag sa konstitusyun ang mga batas nito laban sa aborsyon.

Sa botong 7-2, kinatigan ng Korte Suprema si Roe, at sinabing saklaw ng 14th Amendment ng konstitusyon ng US ang pagkilala sa karapatan ng babae sa aborsyon bilang bahagi ng kanyang pundamental na karapatan sa pribasiya.

Gayunpaman, hindi absoluto ang karapatang pinagtibay ng korte. Sa desisyon nito, binigyang diin ang pagbabalanse sa kalusugan ng ina sa prenatal (nasa sinapupunan) na buhay. Sa gayon, naglatag ito ng mga kundisyon kung kailan at paano isasagawa ang aborsyon sa bawat antas ng pagbubuntis.

Sa nakaraang 50 taon, pinanghawakan ng mga progresibo at milyun-milyong kababaihan ang desisyong ito. Nagmumula ang karapatang ito sa pagkilala na ang isang fetus ay bahagi ng katawan ng babae, at sa gayon siya at siya lamang ang may karapatang magdesisyon kaugnay nito. Hindi siya maaring pwersahing ipagpatuloy ito, laluna kung nakapipinsala ito sa kanyang katauhan at kalusugan.

Muling pinagtibay ang desisyong Roe v Wade noong 1992 sa kasong Planned Parenthood v Casey.

Mula nang ilabas ang desisyon, at sa gitna ng tuluy-tuloy na mga atake rito, hindi ginawang batas ang Roe v Wade kahit sa mga panahong dominado ng partidong Democrat ang Kongreso at Senado. Sa halip, ipinaubaya ang pagsasabatas at pagtitiyak na hindi ito basta-bastang mapawawalambisa sa mga lokal na estado. Sa gayon, nanatili itong target ng pagpapabaliktad ng mga sektor at institusyon na kontra-aborsyon na pinangungunahan ng simbahang Katoliko. Napabaliktad ito sa Korte Suprema ngayong taon matapos maiupo rito ang mga husgadong itinuturing na “konserbatibo” at nagtataguyod sa doktrina ng simbahan.

Pangangalagang pangkalusugan ang aborsyon

Ang aborsyon ay isang simple at komun na operasyong medikal (medical procedure) na itinuturing ng World Health Organization bilang esensyal na bahagi ng serbisyong medikal. Ito ay ligtas kapag isinagawa sa tamang paraang angkop sa antas ng pagbubuntis, at ng taong may karampatang kasanayan.

Maraming dahilan kung bakit nagpapa-abort ang isang babae. Kabilang dito ang palpak na kontrasepsyon, kawalan ng akses sa kontrasepsyon, panggagahasa, incest (relasyong sekswal sa pagitan ng malapit na magkakamag-anak), karahasan sa kamay ng kapareha (partner), mga anomalya o malformation sa fetus, pagkakasakit sa panahon ng pagbuntis at iba pa. Isinasagawa rin ito kapag nasa panganib ang buhay ng isang babae dulot ng mga kumplikasyon sa pagbubuntis at panganganak.

Sa US, itinuturing ng mga espesyalistang duktor sa kalusugan ng kababaihan (American College of Obstetrician and Gynecologists) na esensyal na bahagi ng pangangalagang medikal ang aborsyon. Bahagi ito ng kanilang pagsasanay, praktika at nagpapatuloy na pag-aaral. Tulad ng ibang usaping medikal, ang desisyon kaugnay sa pagpapa-abort ay dapat iatang sa pasyente, sa pakikipagkonsulta sa kanyang duktor, at dapat hindi pinanghihimasukan ninuman o ng anuman (laluna ng estado). Ayon sa asosasyon, “naranapat (entitled) bigyan ng pribasiya, dignidad, respeto at suporta ang mga babaeng pumipiling magpa-abort.”

Sang-ayon din ang asosasyon ng mga duktor na nag-eespesyalisa sa kalusugan ng mga bata at tinedyer (American Academy of Pediatrics) na sumusuporta sa pagbibigay ng “kumprehensibo, nakabatay-sa-ebidensya na serbisyo sa kalusugan sa reproduksyon, kabilang ang aborsyon” sa mga tinedyer. Malaki ang epekto ng

pagbabawal sa aborsyon laluna sa mga bata at tinedyer na nabubuntis, anila. (Ang relasyong sekswal sa pagitan ng bata at isang nakatatanda ay isang krimen at ang pakikipagtalik ng nakatatandad sa isang bata ay itinuturing na panggagahasa.)

Nangangamba ang mga duktor na magiging kriminal ang pagbibigay nila ng esensyal na serbisyong pangkalusugan.

Sanhi ng pagkamatay ng mga ina

Taun-taon, umaabot sa 13% ng mga maternal deaths (pagkamatay dulot ng panganganak) ay dahil sa di ligtas na aborsyon, ayon sa WHO. Pinakabulnerable rito ang mga kababaihan sa mga atrasadong bansa kung saan namamatay ang 220 sa bawat 100,000 na sumasailalim sa di ligtas na aborsyon. Noong 2012, umabot sa pitong milyong kababaihan ang naospital dulot ng mga kumplikasyong dala ng di ligtas na aborsyon sa mga bansang ito.

Ayon sa estadistikang WHO, hindi bumababa ang bilang ng isinasagawang aborsyon dulot lamang ng pagbabawal dito. Sa halip, tumataas ang bilang ng mga aborsyon na mapanganib sa buhay at kalusugan ng kababaihan.

Sa Pilipinas, hindi lamang mahigpit na ipinagbabawal ang aborsyon sa lahat ng kaso (kahit pa sa mga kaso ng rape, incest, pagbubuntis ng mga bata o sitwasyong pangkagipitan kung saan nanganganib ang buhay ng ina), maaari pang sampahan ng kasong kriminal ang 1) babae o batang nagpa-abort, 2) ang sinumang nagsagawa ng prosesong medikal o nagbenta o namigay ng “abortives” (gamot), at 3) sinumang nagbigay ng tulong o suporta sa operasyong medikal. Ang sinumang mapatutunayang nagpa-abort o tumulong sa pagpapa-abort ay maaaring ikulong nang hanggang anim na taon.

Sa ipinasang batas kaugnay sa reproductive health noong 2012, ginawang iligal ang lahat ng klaseng abortificant (gamot o kagamitan) na magdudulot ng pagkawasak ng fetus o humahadlang sa pag-abot ng fertilized na ovum (itlog) sa sinapupunan ng ina. (Sa US, ang ganitong gamot ay tinatawag na morning-after pill.) Liban sa anim na taong pagkakabilanggo, maaari ring pagmultahin ng hanggang ₱100,000 ang sinumang mapatutunayang nagpa-abort. Ito ay sa kabila ng pagkilala ng batas na may karapatan ang kababaihan na itakda (o limita) ang bilang ng kanilang mga anak.

Ayon sa isang pananaliksik noong 2013 ng Guttmacher Institute, hanggang 1,000 kababaihan sa Pilipinas ang namamatay taun-taon dulot ng di ligtas na aborsyon. Dahil sa limitado, kung meron man, na akses sa kontrasepsyon, halos kalahati ng pagbubuntis sa Pilipinas ay “hindi sinasadya” (unintended). Nanganganak ang mga nanay sa bansa na lampas sa bilang na gusto nilang anak. Pinakaapektado ang mga nanay ng pinakamahihirap na pamilya na sa abereyds ay may limang anak, kumpara sa abereyds na tatlo sa pangkalahatan.

Sa taya ng pananaliksik, nasa pagitan ng 22 at 31 aborsyon kada 1000 kababaihan ang naganap noong 2000. Ibig sabihin, maaaring umabot sa 610,000 aborsyon ang naganap sa Pilipinas noong 2012. Mataas ito kumpara sa mga karatig bansa nito sa Asia.

Pinakamalaking dahilan ng mga nagpapa-abort ng kawalang kakayahan o panggastos para magpalaki ng anak o dagdag na anak. Mahigit kalahati sa mga nasarbey ang nagsabing tama na ang dami ng kanilang mga anak o masyadong malapit sa edad ng sinundang anak ang pinagbubuntis. Sangkatlo ang nagsabing hindi suportado ng kanilang partner ang pagbubuntis o di kaya’y masyado pa silang bata

para maging ina. May 13% na nagsabing nagpa-abort dahil resulta ang kanilang pagbubuntis ng pwersahang pakikipagtalik. Dalawang sangkatlo (2/3) ng kababaihang nagpa-abort ay mula sa mahihirap na pamilya.

Liban sa pagkamatay, 80% sa mga sumasailalim sa di ligtas na aborsyon ay dumanas ng kumplikasyon. Ang 46% sa mga kasong ito ang maituturing na seryoso.

LGBTQ+ laban sa rehimeng Duterte at Marcos II

Hunyo 29, 2022

Daan-daan ang delegasyon ng pambansa-demokratikong grupo ng LGBTQ+ na Bahaghari sa protestang Pride sa Pasay City at Quezon City noong Hunyo 25 at 28. Panawagan nila, singilin ang rehimeng Duterte at labanan ang papasok na ilehitimong rehimeng Marcos II.

Kabilang sila sa hindi bababa sa 55,000 lumahok sa mga protestang Pride na inilunsad sa iba't ibang bahagi ng bansa. Pangunahing tema ng mga protesta ang pagsigaw ng sektor ng LGBTQ+ para sa paglaban sa diskriminasyon at pang-aapi, pagkilala sa kanilang mga karapatan at pagsusulong SOGIE Equality bill.

Isang malaking balatengga na may nakasulat na: “Laban, sangkabaklaan! Singilin si Duterte sa korap, papet at macho-pasistang pamumuno! Wafazin ang mandarayng Marcos-Duterte” ang dala-dala ng grupo.

Para sa Bahaghari, naniniwala silang ang isyung kinakaharap ng sektor ng LGBTQ+ ay hindi kailanman maihihiwalay sa kabuuang isyung kinakaharap ng buong bayan.

Ayon sa tagapangulo ng Bahaghari na si Rey Valmores-Salinas, lubos na ikinararantal ng grupo na kasama sa kanilang delegasyon ang boses at sektor ng mga magsasaka, unyonista, mga manggagawa, lider ng simbahan, mga katutubong minorya at iba pa. “Ipinagmamalaki namin na mapagkaisa ang iba’t ibang sektor sa laban para sa pagkakapantay-pantay,” saad niya.

Dala rin ng grupo ang mga panawagan para sa pambansang minimum na sahod, lupa sa magsasaka, maayos na tugon sa pandemya at krisis sa ekonomya at hustisya sa mga biktima ng kampanya ng pamamaslang at panunupil ng rehimen.

Sa isang post sa social media ni Tinay Palabay ng grupong Karapatan, inalala niya ang mga pinaslang na aktibistang mula sa hanay ng LGBTQ—tulad nila Chad Booc, Ryan Hubilla, Leni Rivas at iba pa. Aniya, ang mga kontribusyon ng mga pinangalanan para sa pagkakapantay-pantay sa kasarian at panlipunang pagpapalaya ay “nakatatak sa mga naratibo ng mga pakikibaka ng magsasaka at minoryang mamamayan.”

Si Booc ay isang boluntir na guro para sa mga Lumad; si Rivas ay isang kabataang Lumad na pinaslang ng mga militar at si Hubilla ay isang tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa Sorsogon.

#AtinAngKulayaan

Pinamunuan ng Metro Manila Pride ang sentrong protesta na nilahukan ng aabot sa higit 29,000 katao na inilunsad sa Pasay City noong Hunyo 25. Kasabay na aktibidad ang inilunsad ng Pride PH sa Quezon City Memorial Circle kung saan katuwang nila ang lokal na gubyrno ng syudad. Dumalo rito ang tinatayang 25,000 indibidwal.

Tangan ang mga bahagharing bandila, itinanghal ng mga grupo ang pagtindig para sa 'Kulayaan' o pinagsama na salitang "kulay" at "kalayaan" na simbolo ng paglaban ng sektor ng LGBTQ+ sa diskriminasyon, korapsyon at pang-aabuso.

Inilunsad din ang mga aktibidad, protesta at mga martsa sa noong araw na iyon sa Baguio City, Iloilo City, Romblon, Dumaguete City, Cebu, Misamis Oriental, Butuan City at iba pang bahagi ng bansa. Samantala, pinamunuan ng Southern Tagalog Pride ang isang panrehiyong protestang pride sa UP Los Banos noong Hunyo 28.

Nakapaglunsad ng malalaking pagtitipon para sa Pride Month ang mga grupo matapos ang dalawang taong pagkaipit sa pandemyang Covid-19.